


Gumising!

NOBYEMBRE 22, 2005



**SINO ANG
MAGPAPAKAIN
SA MGA
LUNSOD?**

Gumising!

KATAMTAMANG LIMBAG 22,842,000
INILALATHALA SA 82 WIKA

SINO ANG MAGPAPAKAIN SA MGA LUNSOD? 3-11

Dahil sa mabilis na paglaki ng mga lunsod, tumitindi ang pagkabahala hinggil sa suplay ng pagkain.

Darating kaya ang panahon na wala nang sinuman ang mag-aalala kung saan niya kukunin ang susunod niyang kakainin?



Nasumpungan Ko ang Layunin ng Buhay sa Tulong ng Siyensiya at ng Bibliya 12

Alamin kung bakit tumututol ang isang doktor ng pisika sa palagay na sinasalungat ng siyensiya ang Bibliya.



Kailangan Pa ba Namin ang Pormal na Kasalan? 21

Nagpaplano ang ilang magkasintahan ng simpleng kasalan. Mas gusto naman ng iba ang mas magarbang kasalan. Ano ang makatutulong sa inyo na gumawa ng matalinong pasiya?

- 3 Kapag Naubos ang Pagkain
- 4 Ang Hamon ng Pagpapakain sa mga Lunsod
- 11 Isang Daigdig na Wala Nang Gutom?
- 16 Ang Pasimula ng Makabagong Industriya ng Diamante
- 20 Kakaibang Uri ng Paglalakad!
- 24 Ano ang Maaari Mong Gawin Hinggil sa Trapik?
- 28 Pagmamasid sa Daigdig
- 30 Mula sa Aming mga Mambabasa
- 31 Mas Maraming Mapagpipilian, Mas Kaunting Kasiyahan?
- 32 Nagbago ng Opinyon ang Kaniyang mga Kaklase



KAPAG NAUBOS ANG PAGKAIN

SA ILANG bahagi ng daigdig, inaasahan ng mga tagalunsod na magkakaroon ng sapat na suplay ng pagkaing ipinagbibili sa abot-kayang halaga kapag nagpunta sila sa tindahan o palengke sa kanilang lugar. Kapag gayon, maaaring hindi masyadong pinag-iisipan ng mga mamimili ang hinggil sa suplay at pamamahagi ng pagkain. Subalit sa panahon ng krisis, iisipin ng mga tao kung ano ang dapat gawin upang may mabali silang pagkain. Kung sa anumang dahilan ay nanganganib ang suplay ng pagkain, maaaring kapaha-pahamak ang resulta.

Isaalang-alang ang nangyari sa isang bansa sa Hilagang Aprika na may mga problema sa ekonomiya. Nang huminto ang pamahalaan sa pagbibigay ng tulong na salapi para sa pagkain, biglang dumoble ang presyo ng tinapay. Bilang protesta, dumaluhong sa mga kalye ang galit na mga manguumog, binasag nila ang salamin ng mga tindahan, at pinasok ang mga bangko at tanggapan ng koreo. Nagkagulo ang buong bansa, at idineklara ang *state of emergency*. Sa pagsisikap na ihinto ang kaguluhan, pinagbabaril ng mga pulis ang mga pulutong, anupat 120 katao ang iniulat na namatay at marami ang nasugatan.

Maari ring maging problema ang suplay ng pagkain kahit sa mga bansang may matatag na ekonomiya gaya ng ipinakikita ng nangyari sa Britanya noong Setyembre 2000. Hinarangan ng mga nagpoprotesta laban sa mataas na presyo ng gasolina ang mga labasan ng mga pabrika ng langis, anupat hindi makalabas ang mga trak na naghahatid ng langis. Sa loob ng ilang araw, naubusan ng suplay ang mga istasyon ng gasolina, nawalan ng gasolina ang mga sasakyan, at nahinto ang sistema ng paghahatid ng pagkain. Sa buong bansa, ang mga tindahan at mga supermarket, na kaniwan nang nagpapahatid lamang ng suplay kapag kinakailangan, ay naubusan ng paninda sa kanilang mga istante.

Iba-iba ang problemang nauugnay sa pamamahagi ng pagkain sa papaunlad na mga bansa. Ayon sa *Feeding the Cities*, na inilathala ng Food and Agriculture Organization ng United Nations (FAO), ‘napaka-

dalas na pumapalya at nahihinto ang sistema ng pamamahagi ng pagkain’ dahil sa ilang salik—kasama na rito ang tagtuyot, krisis sa ekonomiya, kaguluhan sa bansa, at digmaan. “Kapag naganap ang mga ito, kahit na ang mga epekto nito ay maaaring sa isang lugar o pansamantala lamang, ang mahihirap ang nagdurusa.”

Naniniwala ang mga analista na ang mabilis na paglaki ng mga lunsod ay magdudulot ng “napakalaking mga hamon” sa mga tagasuplay at tagapamahagi ng pagkain. Tinataya na pagsapit ng taóng 2007, mahigit sa kalahati ng populasyon ng daigdig ang maninirahan sa mga lunsod. Ayon sa FAO, “ang pagsusuplay [sa mga tagalunsod] ng ligtas at abot-kayang pagkain ay lubhang makaaapekto sa sistema ng pagsusuplay at pamamahagi ng pagkain hanggang sa tuluhan na itong bumagsak.”


Napakahalaga nga ng pagsusuplay ng pagkain sa tindahan para sa mga mamimili. Kaya gaano ba talaga katatag ang sistema ng pagsusuplay ng pagkain? Bakit ang mga eksperto ay nababahala na lubhang nagigipit ang sistemang ito? At darating kaya ang panahon na wala nang sinuman ang mag-aalala kung saan niya kukunin ang susunod niyang kakainin?

Pandarambong sa panahon ng kakapusan sa pagkain

BETAH/SIPA

Kaliwa: Isang lumulutang na palengke sa Thailand

© Jeremy Horner/Panos Pictures





ANG HAMON ng Pagpapakain sa mga Lunsod

“Ang atas na paglaanan ng sapat na pagkain ang mga lunsod sa daigdig ay lalong nagiging hamon at apurahan, anupat humihiling ng pagtutulungan ng mga gumagawa ng pagkain, ng mga tagapaghatid nito, ng mga nagpapatakbo ng pamilyan at ng napakaraming nagtitinda.”

—JACQUES DIOUF, DIRECTOR GENERAL NG FOOD AND AGRICULTURE ORGANIZATION NG UNITED NATIONS (FAO).

SINASABI ng mga eksperto hinggil sa pamamahagi ng pagkain na ang kasiguruhan sa pagkain ng lunsod ay maaaring maging “ang pinakamalaking problema ng tao” sa ika-21 siglo.

Ang kasiguruhan sa pagkain ay binigyang-katuturan bilang “ang pagkakaroon ng sapat na pagkain para sa lahat ng tao sa lahat ng panahon upang matamo ang masigla at malusog na buhay.” Sa kasalukuyan, kayang sapatang pagkaing makuha sa buong daigdig ang pangangailangan ng populasyon ng lupa—kung naipamahagi ito alinsunod sa pangangailangan. Subalit ang totoo, mga 840 milyon katao ang natutulog gabi-gabi nang hindi nakakain nang sapat. Marami sa

kanila ang naninirahan sa mga lunsod. Isaalang-alang ang ilang aspekto ng problema.

Napakalaking mga Lunsod na Malalakas Kumain

Habang lumalaki ang mga lunsod, ang nakapalibot na mga lupa na dating pinagtatamnan ay unti-unting pinagtatayuan ng mga bahay, ginagamit sa industriya, at ginagawang mga daan. Bunga nito, lalong napapalayo mula sa mga lunsod ang mga bukiring nagsusuplay ng pagkain sa mga lunsod. Kadalasan, kakaunti o walang pagkaing tumutubo sa loob ng mga lunsod, at nanggagaling ang karne mula sa malalayong lalawigan. Sa maraming papaunlad na bansa, kulang ang mga kalsadang dinaraan ng mga naghahatid ng pagkain

Gumising!

ANG BABASAHING ITO AY INILALATHALA para sa pagbibigay-liwanag sa buong pamilya. Ipinakikita nito kung paano harapin ang mga suliranin ngayon. Iniuulat nito ang mga balita, inilalahad ang tungkol sa mga tao sa maraming lupain, sinusuri nito ang relihiyon at siyensiya. Subalit higit pa ang ginagawa nito. Masusi nitong sinusuri ang mga bagay-bagay at tinutukoy ang tunay na kahulugan ng kasalukuyang mga pangyayari, ngunit laging neutral ito sa pulitika at hindi nagtatangi ng lahi. Pinakamahalaga, pinatitibay ng magasing ito ang tiwala sa pangako ng Maylikha na isang payapa at tiwasay na bagong sanlibutan na malapit nang humalili sa kasalukuyang balakyot at magulong sistema ng mga bagay.

Ang *Gumising!* (ISSN 0005-237X) ay inilalathala nang makalawa sa isang buwan ng Watchtower Bible and Tract Society of New York, Inc.; M. H. Larson, President; G. F. Simons, Secretary-Treasurer; 25 Columbia Heights, Brooklyn, NY 11201-2483, at Watch Tower Bible and Tract Society of the Philippines, Inc., P.O. Box 2044, 1060 Manila, R.P. Inuri bilang segunda-klaseng koreo sa Manila Central Post Office noong Setyembre 12, 1961. **Ang pagbabago ng adres** ay dapat naming tanggapin 30 araw bago ng petsa ng inyong paglipat. Ipadala ang inyong dati at bagong adres (kung maaari, ang inyong dating *address label*). © 2005 Watch Tower Bible and Tract Society of Pennsylvania. Reserbado ang lahat ng karapatan. Inilimbag sa R.P.



LUMALAKING MGA LUNSOD

- Inaasahan na sa susunod na 30 taon, ang paglaki ng populasyon sa buong daigdig ay halos puro sa mga lunsod magaganap.
- Inaasahan na pagsapit ng 2007, mahigit sa kalahati ng populasyon ng daigdig ang titira sa mga lunsod.
- Ang bilang ng mga taong naninirahan sa mga lunsod sa buong daigdig ay tinatayang tataas sa katamtamang antas na 1.8 porsiyento taun-taon; sa antas na ito, dodoble ang populasyon ng mga lunsod sa loob ng 38 taon.
- Ang bilang ng mga lunsod na may limang milyon o higit pang naninirahan ay inaasahang tataas mula 46 sa 2003 hanggang 61 sa 2015.

Pinagmulan: *World Urbanization Prospects—The 2003 Revision*, United Nations Department of Economic and Social Affairs, Population Division

mula sa bukid tungo sa mga lunsod. Dahil dito, nagiging mas matagal ang biyahe, mas maraming nasisirang pagkain, at nagiging mas mataas ang presyo ng pagkain para sa mga mamimili, na karamihan sa mga ito ay lubhang naghihirap.

Malalaki na ang ilang lunsod sa papaunlad na mga bansa at tiyak na lalo pang lalaki ang mga ito. Pagsapit ng 2015, inaasahan na ang Mumbai (dating tinatawag na Bombay) ay magkakaroon ng 22.6 milyong mamamayan, 20.9 milyon sa Delhi, 20.6 milyon sa Mexico City, at 20 milyon sa São Paulo. Tinataya na ang isang lunsod na may sampung milyon katao—gaya ng Maynila o Rio De Janeiro—ay kailangang umangat ng 6,000 tonelada ng pagkain araw-araw.

Mahirap itong gawin, at lalo itong humihirap, lalo na sa mga lugar kung saan mabilis na dumarami ang populasyon. Halimbawa, hindi lamang mataas ang antas ng pagsilang (2.8 porsiyento) sa

Lahore, Pakistan, kundi mayroon din itong “nakababahalang” mataas na antas ng pandarayuhan ng mga tao mula sa mga lalawigan. Sa maraming papaunlad na bansa, milyun-milyon katao ang lumilipat sa nagsisiksikan nang mga lunsod upang maghanap ng mas maalwang buhay, mas magandang trabaho, paninda, at serbisyo. Dahil sa gayong pandarayuhan, inaasahan na ang lunsod ng Dhaka, Bangladesh, ay tiyak na madaragdagan ng isang milyon o higit pa taun-taon sa hinaharap. Ayon sa mga pagtaya, pagsapit ng 2025, ang populasyon ng Tsina, kung saan sa kasalukuyan ay dalawang-katlo ang nakatira sa lalawigan, ay pangunahin nang maninirahan sa lunsod. Pagsapit ng panahon ding iyon, 600 milyon katao ang inaasahang maninirahan sa mga lunsod ng India.

Dahil sa pandarayuhan ng mga tao sa mga lunsod, nagbabago ang kayarian ng maraming bahagi ng daigdig. Halimbawa, sa Kanlurang Aprika,

Mga Wikang Makalawa sa Isang Buwan: Albaniano, Aleman,[#] Aprikano, Arabe, Cebuano, Croatiano, Czech,[#] Danes,[#] Estoniano, Griego, Hapones,[#] Hungaryo, Iloko, Indones, Ingles,^{#+o} Italyano,[#] Kastila,[#] Koreano,[#] Latviano, Lituano, Norwego, Olandes, Pinlandes,[#] Polako, Portuges,[#] Pranses,[#] Romano, Ruso, Serbiano, Slovako, Sloveniano, Tsino, Tsino (Pinagaan), Swahili, Sweko,[#] Tagalog, Ukrainiano

[#] Makukuha rin sa audiocassette.

⁺ Makukuha rin sa CD.

^o Makukuha rin sa MP3 CD-ROM.

Mga Wikang Minsan sa Isang Buwan: Amharic, Bulgariano, Chichewa, Georgiano, Hebreo, Hiligaynon, Igbo, Macedoniano, Malagasy, Malayalam, Myanmar, Nepali, Sesoto, Sinhala, Tamil, Thai, Tsonga, Tswana, Turkiyano, Xhosa, Yoruba, Zulu

Ang paglalathala ng *Gumising!* ay bahagi ng pandaigdig na pagtuturo sa Bibliya na tinututusan ng kusang-loob na mga donasyon. Malibang iba ang ipinakilata, ang mga pagsipi sa Kasulatan ay mula sa makabagong-wikang *Bagong Sanlibutang Salin ng Banal na Kasulatan*.

Nais mo ba ng higit na impormasyon? Sumulat sa Watch Tower sa tamang adres: *America, United States of:* Wallkill, NY 12589. *Australia:* Box 280, Ingleburn, NSW 1890. *Britain:* The Ridgeway, London NW7 1RN. *Canada:* Box 4100, Halton Hills (Georgetown), Ontario L7G 4Y4. *Cyprus:* P.O. Box 11033, CY-2550 Dali. *Germany:* Niederselters, Am Steinfels, D-65618 Selters. *Greece:* 77 Kifisias Ave., GR-151 24, Marousi, Athens. *Hawaii 96819:* 2055 Kam IV Road, Honolulu. *Hong Kong:* 4 Kent Road, Kowloon Tong. *Italy:* Via della Bufalotta 1281, I-00138 Rome RM. *Japan:* 1271 Nakashinden, Ebina City, Kanagawa Pref., 243-0496. *New Zealand:* P.O. Box 75-142, Manurewa. *Philippines, Republic of:* P.O. Box 2044, 1060 Manila. *Spain:* Apartado postal 132, 28850 Torrejón de Ardoz (Madrid). *Taiwan 327:* 3-12, Lin 7, Shetzze, Hsinwu.

14 na porsiyento lamang ng populasyon ang nakatira sa mga lunsod noong 1960. Noong 1997, 40 porsiyento na ng populasyon ang nakatira sa lunsod, at pinaniniwalaan na pagsapit ng 2020, ito ay tataas sa 63 porsiyento. Sa Horn of Africa, inaa-sahang dodoble ang populasyon ng lunsod sa loob ng isang dekada. At tinataya na 90 porsiyento ng kabuuang paglaki ng populasyon sa papaunlad na mga bansa sa malapit na hinaharap ay magaganap sa mga bayan at mga lunsod.

Ang pagdagdag ng pagkaing iniluluwas sa mga lunsod upang pakainin ang mga tao ay isang napakalaking trabaho. Kailangan dito ang pagtutulong ng libu-libong magsasaka, tagabalot ng pagkain, tagapaghatid ng pagkain, mangangalakal, at tagapaghanda at tagasuri ng pagkain, gayundin ang paggamit ng libu-libong sasakyan. Subalit sa ilang lugar, hindi na kayang sapatang nakapalibot na mga lugar na naglalaan ng pagkain ang lumalaking pangangailangan ng mga lunsod. Karagdagan pa, kulang na kulang ang mga serbisyong gaya ng transportasyon at mga gusaling gaya ng mga bodega, pamilihan, at mga katayan sa karamihan sa mga lunsod sa papaunlad na mga bansa.

Laganap na Kahirapan

Long nagiging masalimuot ang hamon ng pagpapakain sa lumalaking mga populasyon kapag laganap ang kahirapan. Limampung porsiyento o higit pa ng populasyon ng maraming malalaking lunsod sa papaunlad na mga bansa, tulad ng Dhaka, Freetown, Guatemala City, Lagos, at La Paz, ang dumaranas ng karalitaan.

Kapag pinag-uusapan ang suplay ng pagkain para sa gayong mga populasyon, sinasabi ng mga analista na may pagkakaiba ang pagkakaroon ng pagkain at ang makukuhang pagkain. Maaaring may pagkaing ipinagbibili sa mga pamilihan sa lunsod—iyon ay pagkakaroon ng pagkain—pero hindi rin ito makatutulong sa mga maralitang ta-

galunsod kung hindi abot-kaya ang presyo nito. Napapansin na habang tumataas ang kita ng ilang tagalunsod, humihiling sila at kumokonsumo ng mas maraming uri ng pagkain. Sa kabilang panig naman, ang maralitang tagalunsod ay nahihirapang bumili ng sapat na pagkain upang matugunan ang kanilang pangangailangan at naisin. Baka kailangang ilaan ng gayong mahihirap na pamilya ang mga 60 hanggang 80 porsiyento ng kanilang kabuuang kita para lamang sa pagkain.

Marahil, magiging mas mababa ang presyo ng pagkain kung bibilhin ito nang bultu-bulto; subalit, imposible iyan kung wala talagang pera ang mga tao. Hindi man lamang masapatan ng maraming sambahayan ang sustansiyang kailangan nila sa buong maghapon, at dahil dito, dumaranas sila ng malnutrisyon. Bilang halimbawa, sa mga lunsod ng Aprika sa timog ng Disyerto ng Sahara, sinasabing ang malnutrisyon ay “isang mabigat at laganap na problema.”

Ang lalo nang nanganganib na hindi makakuha ng sapat na pagkain ay ang mga bagong dating mula sa probinsiya na nahihirapang makibagay sa kapaligiran ng lunsod—iyon ay, mga nagso-solong ina, mga baguhang nagtatrabaho sa gobyerno na hindi agad nasusuwelduhan dahil sa problema sa pera ng pamahalaan, mga may-kapansanan, mga may-edad na, at mga maysakit. Ang gayong mga grupo ay madalas na naninirahan sa malalayong pamayanan na walang pangunahing mga serbisyo—kuryente, sistema ng tubig, imburnal, kalsada, at tapunan ng basura—kung saan napakaraming tao ang naninirahan sa pansamantala o diligtas na mga tirahan. Ang milyun-milyong nagpupunyagi upang makaraos sa ilalim ng ganitong mga kalagayan ay madaling naaapektuhan ng mga problema sa sistema ng pagsusuplay ng pagkain. Ang gayong mga tao ay madalas na naninirahan sa mga lugar na malayo sa mga pamilihan at wala silang magagawa kundi bumili ng mamahaling mga

ILANG SANHI AT EPEKTO NG DI-MAAASAHANG SUPLAY NG PAGKAIN

■ “Alam na alam at napatunayan na sa buong daigdig na kapag bigla at lubhang tumaas ang mga presyo ng pagkain, nagkakaroon ng kaguluhan sa pulitika at lipunan sa lunsod.”—Jacques Diouf, *director general* ng UN

Food and Agriculture Organization.

■ Noong 1999, sinalanta ng bagyong Georges at Mitch ang lugar ng Caribbean at ang Sentral Amerika, anupat nagdulot ito ng laganap na pagkawasak, pagka-

gambala sa normal na mga gawain, at kakapusan sa pagkain.

■ Ang mga protesta laban sa mataas na presyo ng gasolina sa Ecuador noong 1999 at sa Britanya noong 2000 ay nagdulot ng malubhang problema sa suplay ng pagkain.

■ Kabilang sa kahapisang dulot ng digmaan ang kakapusan sa pagkain.



ISA SA MILYUN-MILYON

SI Consuelo at ang kaniyang 13 anak ay nakatira sa isang lugar ng mga iskuwater (ipinakita sa ita-as) sa labas ng Lima, Peru. Tatlo sa kaniyang mga anak ang may tuberkulosis. “Dati kaming nakatira sa kabundukan,” ang sabi niya, “pero isang gabi, daan-daang tao mula sa aming nayon ang lumipat sa lunsod. Inisip namin na ‘sa Lima, makapag-aaral ang aming mga anak at makapagsusuo sila ng sapatos. Gaganda ang buhay nila.’” Kaya gumawa ng mga banig ang mga taganayon, at isang gabi, lumipat silang lahat sa lunsod upang magtayo ng mga bahay na gawa sa mga ito. Kinaumagahan, napakaraming iskuwater sa lugar

na iyon anupat hindi na sila mapalis ng mga awtoridad.

May malaking butas ang bubong ng bahay ni Consuelo at hindi sementado ang sahig nito. “Inaalagan ko ang mga manok na ito upang ibenta sa mayayaman,” ang sabi niya, habang itinuturo ang mga hayop na patakbu-takbo sa palibot ng kaniyang bahay. “Gusto kong magkaperang para sa sapatos ng aking anak na babae. Pero dapat ko na itong ipambayad ngayon sa ospital at gamot.”

Ilang sibuyas lamang ang pagkain ni Consuelo. Mahirap maghanap ng trabaho, at wala siyang sapat na pera upang regular na makabili man lamang ng tubig.

Wala ring gripo sa kaniyang barung-barong at wala itong palikuran. “Ginagamit namin ang bal-deng ito. Sa gabi, inuutusan ko ang mga bata na itapon ang laman nito sa kung saan,” ang paliwanag niya. “Wala na kaming iba pang magagawa.”

Walang sustentong ibinibigay kay Consuelo ang kaniyang asawa, na bihira lamang niyang makita. Mahigit 30 anyos pa lamang siya pero mukha siyang mas matanda. “Medyo namamanas ang kaniyang mukha, at ang kaniyang maliliit at maitim na mata ay nakatingin sa malayo,” ang sabi ng manunulat na nakipag-usap sa kaniya. “Makikita sa kaniyang mga mata ang kawalan ng pag-asa.”

Pinagmulan: *In Context*

pagkain na walang sustansiya. Napakalungkot nga ng kanilang kalagayan.

Mga Kalagayan Walang Katiyakan at Masama sa Kalusugan

Sa maraming lugar, pangkaraniwan ang mabilis na paglaki ng lunsod nang walang pagpapalano at sa ilegal na paraan. Ang resulta ay isang kapaligirang masama sa kalusugan at may mataas na antas ng krimen. “Kadalasan,” ang sabi ng *Feeding the Cities*, isang publikasyon ng FAO, “ang mga administrador ng lunsod sa papaunlad na mga bansa ay nagpupunyagi upang matugunan ang pangangailangan ng lumalaking populasyon sa isang kapaligiran na para lamang sa mas kaunting populasyon.”

Sa kalakhang bahagi ng Aprika, ang mga pamilihan ay kadalasang lumilitaw na lamang sa

kung saan-saan at hindi nakaplano. Nagsisimulang magbenta ang mga mangangalakal ng kanilang paninda saanman may pangangailangan. Bunga nito, ang mga pamilihan na lumilitaw ay wala man lamang pangunahing mga serbisyo.

Sa Colombo, Sri Lanka, hindi maganda ang lokasyon at napakasikip ng kasalukuyang mga pamilihan. Nagreklamo ang mga drayber ng trak dahil gumugulog sila nang maraming oras para lamang makarating at makaalis sa sentro ng pamilihan. Hindi sapat ang mga paradahan at lugar ng kargahan at babaan.

Sa ibang dako, hindi maayos ang pagmamantini at hindi maganda ang pangangasiwa sa mga pamilihan. Ang maruruming kalagayan dahil sa dumaraming basura ay nagsasapanganib sa kalusugan. “Ang mga problemang ito,” ang sabi ng alkalde ng



Nagpupunyagi ang mga lunsod sa maruming kalagayan at malubhang trapik



Niger



Mexico

isang lunsod sa Timog Asia, “ay nagpapalala sa masama nang kalidad ng buhay.”

Ang kalubhaan ng mga problemang ito na may kaugnayan sa mga isyu hinggil sa kalinisan at kapaligiran ay makikita sa mga natuklasan sa isang surbey hinggil sa mga produktong galing sa hayop na ipinagbibili sa isang lunsod sa Timog-Silangang Asia. Ang ipinagbibiling karne roon ay karaniwan nang “nakalapag lamang sa lupa kung saan may alikabok at maruming tubig.” Nasumpungan ang *salmonella* sa 40 porsiyento ng sampol ng baboy at 60 porsiyento ng sampol ng karne ng baka, samantalang 100 porsiyento ng sampol ng karne ng baka ang may *E. coli*. Nasumpungan din sa mga karneng ito ang mga *heavy metal*, gaya ng tingga at asoge.

Bilang tugon sa di-sapat, di-maaasahan, o di-regular na makukuhang suplay ng pagkain, sinubukan ng mga tagalunsod, kagaya ng marami sa Kano, Nigeria, na magtanim sa mga bakanteng lote. Gayunman, karamihan sa mga taong ito ay walang legal na karapatan sa loteng iyon. Dahil dito, posibleng mapaalis sila at sa gayon ay masira ang pinaghirapan nilang itanim.

Inilarawan ni Olivio Argenti, isang kinatawan ng FAO at espesyalista hinggil sa kasiguruhan sa pagkain sa lunsod, ang nakita niya nang dumalaw siya sa taniman sa isang lunsod sa Mexico, katabi ng isang ilog na ginagawang imburnal ng isang kalapit na na-

yon. Ginagamit ng mga nagtatanim doon ang tubig sa ilog upang diligan ang kanilang gulay at ang putik nito upang ihanda ang mga punlaan ng halaman. “Tinanong ko ang mga awtoridad doon kung batid nila ang panganib nito,” ang sulat ni Argenti, “at sinabi nila na wala silang magagawa hinggil dito dahil wala silang sapat na salapi o gamit.” Gayundin ang mga problema sa maraming lugar sa papaulad na mga bansa.

Mga Lunsod na Nagpupunyaging Lutasin ang Problema

Tila walang katapusan ang mga problemang napaparhap sa mabilis lumaking mga lunsod. Ginagawa ng internasyonal na mga organisasyon, tagapagplano, at mga administrador ang lahat ng magagawa nila upang lutasin ang mga ito. Kasama sa kanilang estratehiya ang pagtataguyod ng produksiyon ng pagkain sa lalawigan at paglalaan ng sapat na makukuhang pagkain, gayundin ang paggawa ng bagong mga kalsada, pamilihan, at kalyan. Nakikita nila ang pangangailangan na pasig-



Sa maraming mahihirap na pamilya sa lunsod, kailangang magtrabaho maging ang mga bata

India: © Mark Henley/Panos Pictures; Niger: © Olivio Argenti; Mexico: © Audrey Wade/Panos Pictures; Bangladeshi: © Hendur Nekony/Panos Pictures; Taiwan sa Ibabaw: © Jean-Léo Dugas/Panos Pictures



Bangladesh



lahin ang pribadong sektor na maglaan ng pera para sa pagtatayo ng mga bodega, padaliin ang pagpapahiram ng salapi sa mga magsasaka, mangangalakal, at tagapaghatid ng pagkain, at ipatupad ang angkop na mga regulasyon sa pagbebenta at kalinisan. Subalit napansin ng mga analista na sa kabila ng lahat ng pagsisikap, hindi batid at hindi wastong natutugunan ng maraming lokal na awtoridad ang nasasangkot na mga usapin. Kahit na nagagawa nila ito, hindi sapat ang kanilang kakayahan o pananalapi upang lutasin ang mga problema.

Dahil sa laki ng hamong kinakaharap ng mga lunsod, partikular na sa papaunlad na mga bansa, mahigpit na nagbabala ang mga eksperto. Ayon sa International Food Policy Research Institute, Washington, D.C., “patuloy na lalaki ang populasyon ng lunsod, at ang mga problemang ito [gutom, malnutrisyon, at karalitaan] ay darami kasabay ng paglaki ng populasyon—malibang kumilos tayo kaagad.” Hinggil sa kinabukasan ng mga lunsod sa mas mahihirap na bansa, si Janice Perlman, presidente ng Mega-Cities Project, isang internasyonal na kalipunan ng mga organisasyon na nakatalaga sa paghahanap ng mga solusyon sa mga problema sa lunsod ang nagsabi: “Hindi pa kailanman napaglaanan ng pagkain, pabahay, trabaho, o transportasyon ang napakaraming tao sa isang lubhang nagsisiksikang lugar at sa harap ng matitinding problema sa pananalapi at kapaligiran. Hindi na kaya ng mga lunsod na tustusan ang pangangailangan ng mga tao.”

Subalit may mabubuting dahilan upang maniwala na ang mga problema sa suplay at pamamahagi ng pagkain ay malapit nang malutas.

“DAPAT BA AKONG LUMIPAT SA LUNSOD?”



DAPAT isaalang-alang ng sinumang nag-iisip na lumipat sa lunsod ang ilang salik bago niya gawin ito. “Ang isa sa pangunahing pang-akit ay ang pag-asa na magkaroon ng mas magandang buhay kung ihahambing sa mga oportunidad na iniaallok sa probinsiya,” ang sabi ng *Feeding the Cities*, isang publikasyon ng UN Food and Agriculture Organization. Gayunman, “maaaring hindi kaagad makamit ang pag-asenso, marahil ay sa susunod na salinlahi o mas matagal pa nga.”

Ang totoo, marami sa mga lumipat mula sa probinsiya tungo sa lunsod ang napaharap sa kawalan ng tirahan, kawalan ng trabaho, at mas matindi pang paghihirap kaysa sa dati, sa isang di-pamilyar na kapaligiran. Kaya kung iniisip mong lumipat sa lunsod, makatitiyak ka bang masusportahan mo ang iyong pamilya? Ang trabaho sa mga lunsod, kung may masumpungan ka man, ay kadalasan nang mababa ang suweldo. Hindi kaya mapabayaang mo o ng iyong pamilya ang mga gawaing itinuturing ninyong mahalaga dahil sa panggigipit na magtrabaho nang mahahabang oras para lamang makaraos?—Mateo 28:19, 20; Hebreo 10:24, 25.

Ipinasiya ng ilang magulang na lumipat sa lunsod samantalang ang kanilang pamilya ay nasa lalawigan. Katalinuhan kaya ito? May obligasyon ang Kristiyanong mga magulang na maglaan ng materyal na mga bagay sa kanilang pamilya, pero paano naman ang espirituwal at emosyonal na pangangailangan ng pamilya kung mapapahiwalay ang mga magulang? (1 Timoteo 5:8) Mabisa kayang mapalalaki ng mga ama ang kanilang mga anak “sa disiplina at pangkaisipang patnubay ni Jehova”? (Efeso 6:4) Hindi kaya mahantad sa imoral na mga tukso ang mag-asawa kung magkaka-layo sila?—1 Corinto 7:5.

Sabihin pa, personal na desisyon ang paglipat ng isa. Bago gumawa ng gayong desisyon, dapat isaalang-alang ng mga Kristiyano ang lahat ng salik na nasasangkot at manalangin kay Jehova ukol sa kaniyang patnubay.—Lucas 14:28.



ISANG DAIGDIG NA WALA NANG GUTOM?

GUNIGUNIHING ang nadarama ng isang nagmama-lasakit na ama kapag nakikita niyang dumaranas ng malnutrisyon ang kaniyang mga anak. Tiyak na napakasakit nito para sa kaniya. Kung ganiyan ang reaksiyon ng isang taong magulang, isipin na lamang kung ano ang malamang na nadarama ng ating maibiging makalangit na Ama. Alam na alam niya ang pagdurusa ng daan-daang milyon na napapaharap sa ganitong situwasyon.

Sa kabila ng mabubuting intensiyon ng tao na maglaan ng pagkain para sa mga nagugutom sa daigdig, lumalala pa rin ang taggutom sa ika-21 siglo. Subalit kayang alisin at tunay ngang papawiin ng ating makalangit na Ama, si Jehova, ang taggutom magpakailanman. Paano natin nalaman ito?

Inpaliliwanag ng Bibliya na noong inilagay ng Diyos sina Adan at Eva sa hardin ng Eden, inilaan niya ang lahat ng kailangan nila upang magkaroon sila ng katiwasayan, kasiyahan, at saganang pagkain. Sinabi ng Diyos sa kanila: “Ibinigay ko sa inyo ang lahat ng pananim na nagkakabinhi na nasa ibabaw ng buong lupa.” Ang layunin ni Jehova ay ‘punuin ng mga anak nina Adan at Eva ang lupa’ at magkaroon ng sagana at nakapagpapalusog na pagkain ang buong sangkatauhan.—Genesis 1:28, 29.

Bagaman naghimagsik ang unang mag-asawa laban sa kanilang Maylalang at naiwala nila ang kaniyang lingap, hindi nagbago ang orihinal na layunin ng Diyos para sa sangkatauhan. Tinatawag ng Bibliya si Jehova bilang “ang Isa na nagbibigay ng tinapay sa mga gutóm,” at naglalaman ito ng maraming hula na nagpapahiwatig na aalisin niya ang lahat ng problemang may kinalaman sa pagkakaroon ng pagkain.—Awit 146:7.

Nang hilingan si Jesus ng kaniyang mga alagad ng isang tanda, o patotoo, upang malaman nila kung kailan niya itatatag ang kaniyang Kaharian at kung kailan siya mamamagitan sa mga gawain sa lupa, itinala ni Jesus ang mga kalagayan na magaganap bago mangyari ito. Ang isa ay “mga kakapusan sa pagkain.” Ang maingat na pagsasaa-


lang-alang sa mga salita ni Jesus ay nagbibigay ng katiyakan na malapit nang magwakas ang pagdurusa ng sangkatauhan.*—Mateo, kabanata 24.

Ganito ang inihula ng Awit 72:16 hinggil sa Paraisong itatatag ng Diyos: “Magkakaroon ng saganang butil sa lupa; sa taluktok ng mga bundok ay mag-uumpaw.” Sa sinaunang Israel, karaniwan nang tumutubo ang butil sa mga libis. Pero sa pinagpalang mga kalagayang inilarawan sa hulang ito, ang binhing itinanim maging sa pinakatigang at pinakatuong lupa—na karaniwan nang hindi matamnan—ay mamumunga nang sagana. “Sa panahon ng Mesiyas,” ang sabi ng isang iskolar sa Bibliya, “waring sumasayaw ang mga butil sa parang, maging sa taluktok ng mga bundok, o waring ang mga burol ay tinamnan maging sa pinakatuktok ng mga ito, upang ang buong lupain ay matakpan ng waring sumasayaw at nakalulugod na pananim.”

Kaylaking pagkakaiba ng kinabukasang inihuhula ng Bibliya kung ihahambing sa kalagayan ng milyon-milyon sa ngayon! Tunay nga na sa kinabukasang ipinangangako ng Diyos, “ang lupa ay tiyak na magbibigay ng bunga nito; ang Diyos, ang ating Diyos, ay magpapala sa atin.”—Awit 67:6.

Kung nais mong malaman kung paa-nong ikaw at ang iyong mga mahal sa buhay ay makapagtatamasa ng mga bagay na ito at ng maraming iba pang pagpapala na inilarawan sa nakapagpapasiglang mga hula sa Bibliya, huwag mag-atubiling tanungin ang mga Saksi ni Jehova sa inyong lugar o sumulat sa angkop na adres na nasa pahina 5 ng maging ito.

* Para sa pagtalakay kung paano natutupad ang hula ni Jesus, tingnan ang kabanata 11 ng aklat na *Ang Kaalaman na Umaakay sa Buhay na Walang-Hanggan*, na inilathala ng mga Saksi ni Jehova.



Nasumpungan Ko ang Layunin ng Buhay sa Tulong ng Siyensiya at ng Bibliya

AYON SA SALAYSAY NI BERND OELSCHLÄGEL

Dalawampung taon kong hinanap ang layunin ng buhay. Dalawang bagay ang nakatulong sa akin na masumpungan iyon: ang siyensiya at ang Bibliya. Ang pag-aaral ng siyensiya ang nakakumbinsi sa akin na may layunin ang buhay. Ngunit ang Bibliya ang nagsiwalat at tumulong sa akin na maunawaan ang layuning iyan.

MARAHIL ay narinig mo nang sinasabi ng ilang tao na magkasalungat ang siyensiya at ang Bibliya. Pareho kong pinag-aralan ang dalawang ito, at hindi ako sumasang-ayon sa sinasabing iyan ng ilan. Marahil ay interesado kang malaman kung bakit.

Ipinanganak ako noong 1962 sa Stuttgart, isang lunsod sa timugang Alemanya. Nagtatrabaho si Itay bilang tagapagdisenyo ng makina, at sila ni Inay ay aktibung-aktibo sa simbahan. Ang ate kong si Karin ay mas matanda sa akin nang apat na taon. Noong bata pa ko, hinding-hindi ko malilimutan nang bigyan ako ni Itay ng isang set ng laruan sa pag-eeksperimento. Napakasaya ko habang gumagawa ng simpleng eksperimento sa kemistri at pisika. Talagang kasiyaya-siya ang matuto.

Mula sa laruang iyan, lumipat ako sa computer. Kahit na noong tin-edyer pa ako, kumbinsido ako na ang pinakamagaling na computer ay ang utak. Pero iniisip ko: 'Saan kaya galing ang utak? Sino kaya ang nagbigay nito sa atin? At ano ba ang layunin ng buhay?'

Pagpasok sa Kolehiyo

Tumigil ako sa pag-aaral noong ako ay 16 na taóng gulang at nagsimulang magtrabaho bilang *asistant* sa isang laboratoryo para sa potograpiya. Dahil talagang nasisiyahan ako sa pag-aaral, naging tunguhin ko ang makapag-aral ng pisika sa unibersidad.



Nang ako ay 12 anyos

Pero natagalan pa bago ako nakapag-aral dito. Limang taon ang ginugol ko para makumpleto ang mga kuwalipikasyon sa unibersidad. Nagsimula akong mag-aral sa unibersidad noong 1983 sa Stuttgart, at ipinagpatuloy ko ang aking pag-aaral sa Munich. Sa wakas, nagkaroon ako ng titulo ng doktorado sa pisika sa University of Augsburg noong 1993.

Hindi madali ang unang mga araw ko sa unibersidad. Ang awditoryum para sa lektur ay karaniwang napupuno ng mga 250 estudyante, at marami sa mga ito ang hindi nagpapatuloy sa kurso pagkaraan ng ilang buwan. Determinado akong huwag sumuko at sa halip ay ipagpatuloy ang sinimulan ko. Dahil nakatira ako sa dormitoryo, nakasama ko ang marami na waring interesado lamang sa katuwaan. Hindi laging mabuti ang makisalamuha sa gayong mga tao. Dahil dito, natuto akong makipagparti at gumamit ng droga.


Nakarating Ako sa India Dahil sa Aking Paghahanap

Higit kong naunawaan ang mga batas ng kalikasan sa uniberso dahil sa pag-aaral ko ng pisika. Umasa akong lubusang maituturo sa akin ng siyensiya ang layunin ng buhay. Subalit hindi sapat ang pisika upang masumpungan ko ang layunin ng buhay. Noong 1991, sumama ako sa isang grupo na naglakbay patungong India upang matuto ng meditasyon sa paraan ng taga-Silangan. Tuwang-tuwa akong makita nang personal ang bansa at ang mga mamamayan nito! Subalit hindi ako makapaniwala sa malaking agwat ng mayaman at mahirap.

Halimbawa, malapit sa lunsod ng Pune, pinuntahan namin ang isang *guru* na nagsasabing puwede raw yumaman ang isa sa pamamagitan ng tamang paraan ng meditasyon. Nagsasagawa kami ng meditasyon bilang isang grupo tuwing umaga. Napakamahal din ng mga gamot na itinitinda ng *guru*. Walang duda na malaki ang kinikita niya; halatang-halata ito sa kaniyang istilo ng pamumuhay. May nakita rin kaming mga monghe na waring hirap sa buhay, ibang-iba sa kalagayan ng *guru*. Naisip ko, ‘Bakit hindi sila napayaman ng meditasyon?’ Ang paglalakbay ko sa India ay nagbangon ng mas maraming tanong kaysa sa nasagot nito.

Isa sa mga subenir na dala ko galing India ay

Bumaling ako sa meditasyon sa paraan ng mga taga-Silangan upang masumpungan ang layunin ng buhay



isang kampanilya para sa meditasyon. Sinabi sa akin na kapag pinatunog nang tama ang kampanilya, nakatutulong sa angkop na meditasyon ang musikal na tunog nito. Noong nasa Alemanya pa ako, bumili ako ng isang *horoscope* na dinisenyo ng isang tao na nag-angking nakakita sa aking kinabukasan. Ngunit walang naituro sa akin ang meditasyon tungkol sa layunin ng buhay. Nadismaya akong malaman na ang *horoscope* ay isang piraso lamang pala ng papel na walang silbi. Kaya hindi pa rin nasagot ang mga katanungan ko tungkol sa layunin ng buhay.

Nasumpungan Ko ang mga Sagot sa Bibliya

Hindi ko inasahang magbabago ang buhay ko noong 1993. Natapos ko ang aking pag-aaral at pananaliksik at gumagawa na ako ng tesis sa doktorado tungkol sa *quantum physics*. Wala akong ibang inasikaso at halos araw at gabi ko itong ginagawa upang matapos ko ito sa itinakdang araw. Isang hapon, walang anu-ano ay may kumatok sa pinto. Binuksan ko ito at dalawang babae ang naroroon.

“Alam mo ba na ang taóng 1914 ay isang pantanging taon ayon sa Bibliya?” ang tanong nila. Nabigla ako at hindi nakasagot sa tanong nila. Noon ko lamang narinig iyon; wala rin naman akong panahong magsuri. Pero naintriga ako sa tanong nila. Paano nila nasabi na matagal pa bago ang 1914 ay inihula na ito ng Bibliya bilang isang pantanging taon?”

“Gusto mo bang makaalam nang higit pa?” ang patuloy nila. Sa isip ko, ‘Tiyak na may makikita akong pagkakasalungatan sa argumento nila kapag pinakinggan ko sila.’ Sa halip na makakita ng mga pagkakasalungatan, nakumbinsi ako sa mga patotoo ng pagiging mapagkakatiwalaan ng Bibliya. Nalaman ko na maliwanag na ipinakikita ng hula sa Bibliya na ang Mesiyanikong Kaharian ng Diyos—isang makalangit na gobyernong mamamahala sa hinaharap sa buong lupa—ay itinatag noong 1914.*

Mga Saksi ni Jehova ang dalawang babae, at binigyan nila ako ng kopya ng aklat na *Maaari Kayong Mabuhay Magpakailanman sa Paraiso sa Lupa*.# Natapos kong basahin iyon sa loob lamang ng ilang araw at nasumpungan kong makatuwiran ang lahat ng nakasulat doon. Mula sa Bibliya, ipinakita sa akin ng mga Saksi na kalooban ni Jehova na manirahan ang sangkatauhan sa paraiso sa lupa magpakailanman. Ayon sa hula ng Bibliya, malapit nang matupad ang pangakong ito. Isa ngang napakagandang pag-asa para sa hinaharap! Ang pag-asang ito ay nakaantig sa aking puso anupat napaiyak ako. Ito na kaya ang sagot na 20 taon ko nang hinahanap?

Agad kong natanto ang aking layunin sa buhay: ang kilalanin ang Diyos na Jehova at paglingkuran siya nang buong puso. Ipinagpatuloy ko ang pakikipag-aral ng Bibliya sa mga Saksi ni Jehova dahil nadarama kong ito ang katotohanan. Uhaw na uhaw ako sa espirituwal na mga bagay. Habang tinatapos ko ang aking tesis sa doktorado, nabasa ko ang kalahati ng Bibliya sa loob ng tatlong buwan.

Pagkasumpong Nang Higit Pa Kaysa mga Sagot

Sa kauna-unahang pagkakataon noong Mayo 1993, dumalo ako sa pagpupulong ng kongregasyon sa Kingdom Hall ng mga Saksi ni Jehova sa Augsburg. Ang mga turong narinig ko ay may taginting ng katotohanan. Isa pa, hindi ako nailang sa mga Saksi. Magiliw nila akong binati at malugod na tinanggap, kahit na estranghero ako. Isang may edad nang babae ang tumabi sa

* Para sa detalyadong pagtatalakay, tingnan ang kabanata 10, “Namamahala Na ang Kaharian ng Diyos,” ng aklat na *Ang Kalamayan na Umaakay sa Buhay na Walang-Hanggan*, inilathala ng mga Saksi ni Jehova, pahina 90-7.

Inilathala ng mga Saksi ni Jehova, ngunit hindi na inililimbag.

akin at binigyan ako ng aklat-awitan. Nang sumunod na mga linggo, sinundo ako ng isang lalaking Saksi kasama ang kaniyang anak na lalaki gamit ang kanilang sasakyan patungo sa Kingdom Hall. Di-nagtagal, inanyayahan ako ng bagong mga kaibigang ito sa kani-kanilang tahanan. Nang maglaon, naudyukan akong ibahagi sa iba ang aking natututuhan tungkol sa layunin ng buhay.

Pinakilos ako ng mga natutuhan ko mula sa Bibliya na gumawa ng mga pagbabago sa aking buhay. Halimbawa, hindi ko na hinangad na magkaroon pa ng mga bagay na may kinalaman sa okultismo. Kaya itinaon ko ang aking mga *horoSCOPE* gayundin ang kampanilya para sa meditasyon at iba pang relihiyosong mga subenir na galing sa India. Sumulong ako sa pag-aaral ng Bi-

Bilang isang pisiko, pinag-aralan ko ang mga batas na umuugit sa buhay, at ang mga batas na ito ay patotoo na may isang matalinong nagdisenyo ng mga ito na nakahihigit sa tao

biya, nag-alay ng aking sarili sa Diyos na Jehova, at nagpabautismo bilang isang Saksi ni Jehova sa Munich noong Hunyo 1994. Sa gayon ay tinanggap ko nang buong puso ang tunay na layunin ng buhay.

Noong Setyembre 1995, naging regular pioneer ako, buong-panahong ministro ng mga Saksi ni Jehova. Nangangahulugan ito ng paggugol ng mas malaking panahon sa pakikipag-usap sa mga tao hinggil sa layunin ng Diyos. Umaasa ako sa lakas mula kay Jehova upang magawa ito. Madalas na gabi na akong umuuwi sa bahay matapos ang maraming oras sa ministeryo, taglay ang kagalakan at pagkakontento na hindi ko kailanman nadama bago ko nakilala si Jehova. Noong Enero 1997, inanyayahan akong ipagpatuloy ang aking buong-panahong paglilingkod sa tanggapang pansangay ng mga Saksi ni Jehova sa Selters, Alemanya, na tinatawag na Bethel, kung

saan ako ngayon naninirahan. Ilang beses nang pumasyal sa akin ang aking mga magulang, at bagaman hindi sila mga Saksi ni Jehova, iginagalang nila ang Bethel at natutuwa silang naririto ako.

Ang Siyensiya at ang Bibliya

Baka ipagtaka ng ilan kung bakit naniniwala sa Bibliya ang isang taong gumugol ng mahabang panahon sa pag-aaral ng siyensiya. Buweno, wala akong nakikitang pagkakasalungatan sa pagitan ng siyensiya at ng Bibliya. Bilang isang pisiko, pinag-aralan ko ang mga batas na umuugit sa buhay, at ang mga batas na ito ay patotoo na may isang matalinong nagdisenyo ng mga ito na naka-hihigit sa tao.


Halimbawa, maraming teoriya sa pisika, kemistri, at biyolohiya. At bagaman maaaring simple ang mga teoriya, ang matematikang nasasangkot sa mga ito ay napakasalimuot. Pinararangalan ng Nobel Prize ang napakatatalinong siyentipiko dahil sa kanilang mga teoriya at mga nagawa. Dihamak na matalino ang Isa na nagdisenyo at lumikha ng uniberso na hindi lubos na maunawaan ng mga siyentipiko!

Ang sabihing nagkataon lamang ang pag-iral ng buhay, gaya ng paniniwala ng maraming ebolusyonista, ay talaga namang di-makatuwiran. Upang ilarawan: Maghanay ng sampung bola ng *soccer* sa isang *soccer field*, na ang bawat bola ay may pagitang isang metro. Tiyakin mo na kapag sinipa mo ang unang bola, tatamaan ng bawat bola ang susunod na bola hanggang sa matamaan ang pinakahuling bola. Pagkatapos ay subukan ding hulaan ang magiging posisyon ng bawat bola. Ang tsansang gawin ito nang matagumpay ay napakalabo anupat sasang-ayon ang marami na imposibleng magawa ito.

Yamang totoo iyan, paano maaangkin ng sinuman na nagkataon lamang ang pagbuo ng selula ng tao—na nagsasangkot ng mga prosesong higit na masalimuot kaysa sa pagsipa ng isang bola ng *soccer*? Ang pinakamakatuwirang paliwanag ay na may Isa na napakatalino na lumikha sa tao at sa lahat ng iba pang uri ng buhay sa lupa. Gagawin kaya ng Isang ito, na siyang Maylalang, ang ganitong mga bagay nang walang layunin? Tiyak na hindi. Siguradong may layunin siya, at ang layuning iyan ay isinisiwalat at ipinaliliwanag ng Bibliya.

Gaya ng naunawaan mo, tinulungan ako kapwa ng siyensiya at ng Bibliya na masumpungan ang mga sagot sa mga tanong hinggil sa buhay na napakatagal ko nang hinahanap. Hindi mo lubos na maiisip ang ginhawa at kalugurang mararansan mo kapag nasumpungan mo ang isang bagay na 20 taon mo nang hinahanap! Taimtim kong hangarin na matulungan ang marami hangga't posible na masumpungan ang sa wakas ay nasumpungan ko—hindi lamang mga sagot sa aking mga tanong kundi, higit na mahalaga, ang tumpak na paraan ng pagsamba sa tanging tunay na Diyos, si Jehova!

Nagdudulot sa akin ng tunay na kagalakan at pagkakontento ang pangangaral sa iba





Ang Pasimula ng Makabagong INDUSTRIYA NG DIAMANTE

MULA SA MANUNULAT NG *GUMISING!* SA TIMOG APRIKA

ANG petsa ay Enero 1871. Si Adrian van Wyk, isang magsasakang mahilig magbasa ng Bibliya, ay naninirahang kasama ng kaniyang pamilya sa halos disyertong rehiyon ng Timog Aprika na kilala bilang Griqualand West. Subalit nagwakas ang kaniyang mapayapang paninirahan dito nang dumagsa ang mga estranghero sa kaniyang bukid at magkampo rito. Habang nakaupong nagmamasid sa kaniyang beranda, hindi makapaniwala si Van Wyk sa nangyayari!

Sa loob lamang ng ilang araw, dinagsa ng libu-libong tao ang kaniyang lupain—hanggang sa abot ng kaniyang tanaw! Aba, ang ilan pa nga ay nasa harap ng kaniyang hardin anupat naglalagay ng muhon nang hindi man lamang humihingi ng permiso at nambabati! Ano ba ang nangyari? Bakit gayon na lamang kasabik ang mga tao? Nagsimula ang pagkukumahog ng mga tao nang

kumalat ang balitang napakaraming diamante raw sa bukid ni Van Wyk.

Ano ang Naging Dahilan ng Pagkukumahog sa Diamante?

Mga 12 taon bago nito, may nasumpungang limang-karat na diamante malapit sa Ilog Vaal, mga 70 kilometro sa hilaga ng bukid ni Van Wyk. Ipinagbili ito ng lalaking nakasumpong ng diamante sa paring nangangasiwa sa Berlin Mission Society sa halagang limang *pound*. Wala nang iba pang karagdagang rekord ang nasumpungan hinggil sa kauna-unahang diamanteng iyon na natuklasan. Subalit kumalat ang balita hinggil dito, kaya nagsimulang magsiyasat ang mga tao.

Nagpapatuloy ang kuwento makalipas ang siyam na taon sa bukid ni Schalk van Niekerk na nasa tabi ng Ilog Orange, ilang kilometro ang layo sa gawing timog kung saan sinasalubong nito ang Ilog Vaal. Ang pamilyang Jacobs ay may bahay sa bukid ni Van Niekerk. Ang mga anak ng mag-

PREMIER MINE

Noong 1903, binuksan ang isang minahan ng diamante mga 30 kilometro ang layo mula sa silangan ng Pretoria, Timog Aprika. Angkop na pinanganlan itong Premier Mine (Nangungunang Minahan). Makalipas ang

dalawang taon, nang sampung metro na ang lalim ng hukay sa minahan, itinawag-pansin ng isang minero ang makintab na bagay sa mabatang gilid ng hukay. Maingat na bumaba sa hukay ang kaniyang manedyer at sinungkit ito gamit ang kaniyang lanseta. Nakuha niya ang pinakamalaking di-pa-natatabas na diamanteng namina kailanman; kasinlaki ito ng kamao ng tao. Ang napakalaking diamanteng ito na 3,106 na karat ay isinunod sa pangalan ng nakatuklas ng minahan na si Thomas Cullinan. Nang tabasin ang diamanteng Cullinan, nakagawa mula rito ng siyam na malalaking hiyas at 96 na maliliit na hiyas. Isa sa mga bahagi nito, ang Cullinan I, o ang Star of Africa, ang pinakamalaking natabas na diamante sa buong daigdig. Nakapalamuti ito sa maharlikang setro ng Britanya, gaya ng makikita sa pahinang ito. Makalipas ang isang siglo, angkop pa ring tagawang Premier Mine ang minahang ito yamang nakakakuha pa rin dito ng maraming malalaki at de-kalidad na diamante.

Ang maharlikang setro ng Britanya

Ang di-pa-natatabas na diamanteng Cullinan, na kasinlaki ng kamao ng tao



IMPORMASYON HINGGIL SA DIAMANTE

- ◆ Ang diamante ang pinakamatigas na likas na substansiyang kilala ng tao.
- ◆ Ang diamante ay gawa sa karbon, gaya ng *lead*, o *grapito*, ng lapis. Pero bakit matigas ang diamante samantalang malambot naman ang *grapito*? Magkaiba kasi ang pagkakaayos ng mga atomo ng karbon ng dalawang substansiyang ito.
- ◆ Ang yunit na ginagamit sa pagsukat sa timbang ng diamante ay karat. Ang isang karat ay katumbas ng sangkalima ng isang gramo o ika-142 bahagi ng isang onsa.
- ◆ Kadalasan, kinakailangang salain ang 400 tonelada ng bato, graba, at buhangin upang makakuha ng isang karat ng diamante.



asawang Jacobs ay nagkakuwaan habang naglalaro ng tinatawag nilang limang bato. Kasali sa koleksiyon nila ang makintab na batong nasumpungan ng kaniyang kuya na si Erasmus.

Isang araw noong mga unang buwan ng 1867, dinalaw ni Van Niekerk ang pamilyang Jacobs. Alam ni Mrs. Jacobs na mahilig ito sa mahahalagang bato, kaya binanggit niya rito ang tungkol sa makinang na batong pinaglalaruan ng kaniyang mga anak. “Napakaganda ng ningning nito sa gabi kapag nasisinagan ng liwanag ng kandila,” ang sabi

niya. Matapos suriin ito, may kapana-panabik na ideyang naisip si Van Niekerk. “May kutob akong diamante ito!” ang bulalas niya. Naalala niya na may nabasa siyang isang paraan upang matiyak kung diamante ang isang bato. Gamit ang bato, ginuhitan niya ang salamin ng bintana sa likuran ng simpleng bahay na iyon. Nagulat siya nang makita niya ang malalim na markang naiwan sa salamin at humingi siya ng paumanhin dahil nasira ito.* Malugod na ibinigay ni Mrs. Jacobs ang bato kay Van Niekerk at hindi ito pinabayaran.

Sa sumunod niyang paglalakbay malapit sa Hopetown, ipinakita ni Van Niekerk sa kaniyang mga kaibigan ang bato, subalit walang isa man sa kanila ang nakatitiyak kung diamante ito. Ang batong ito ay pinagpasa-pasahan

* Makalipas ang mahigit isang siglo, ang mismong salamin na iyon na may malalim na guhit ay makikita na sa Colesberg Museum ng Timog Aprika.



**Schalk
van Niekerk**


ng mapagkakatiwalaang mga indibiduwal at pagkatapos ay ipinadala sa koreo hanggang sa makarating ito sa kamay ng isang manggagamot, si Dr. Atherstone, na taga-Grahamstown. Nagpatulong siya sa isang guro sa paaralan. Sa laboratoryo ng paaralan, ginawa ang mga pagsubok upang masuri ang densidad ng bato (*specific gravity*), at natuklasang katugma ito ng densidad ng diamante. Pagkatapos, ipinasure ang bato sa isang alahero roon, na nabigong gasgasan ito gamit ang kaniyang kikel. Kinonsulta ang iba pang indibiduwal, at tulad ni Van Niekerk, kum-

binsido rin sila na diamante nga ito. Pagkatapos ay kinumpirma ni Dr. Atherstone sa isang liham na ang bato ay isang diamante na tumitimbang nang 21.25 karat. Nakatanggap si Van Niekerk ng 350 *pound* para sa hiyas, at kaagad niyang binigyan ng kaparte ng halagang ito si Mrs. Jacobs. Angkop naman na panganlang Eureka ang batong ito, isang ekspresyon na nagpapahiwatig ng “tagumpay sa pagtuklas.”

Isang Pastol at Isang Matapat na Magsasaka

Nagpapatuloy ang kuwento makalipas ang dalawang taon sa isang lugar sa gawing timog ng pinagsasalubungan ng Ilog Orange at Ilog Vaal. Doon binabantayan ng isang Aprikanong pastol

Ang diamanteng Eureka
De Beers Consolidated Mines Ltd.




na nagngangalang Booi ang kaniyang nanginginaing mga tupa nang makakita siya ng isang makintab na bagay sa lupa. Dinampot niya ang makinang at bilog na bato at ibinulsa ito. Nabalitaan niya na mahilig sa ilang uri ng bato ang mga tagaroon, kaya habang naglilibot siya upang maghanap ng trabaho, inialok niya ito sa isang magsasaka at

pagkatapos ay sa isang negosyante. Itinuro naman nila siya sa bukid ni Van Niekerk.

Sa wakas, nakarating si Booï sa bukid ni Van Niekerk at ipinakita niya rito ang bato. Kaagad naisip ni Van Niekerk ang posibilidad na diamante ang ipinakikita sa kaniya, mas malaki at mas mahalalin kaysa sa ibinigay sa kaniya ni Mrs. Jacobs. Tinanong ni Van Niekerk ang hamak na pastol kung ano ang gusto niya kapalit ng batong ito. “Panginoon,” ang magalang na tugon ni Booï, “bahala na po kayo kung ano ang inisip ninyong nararapat ibayad sa akin.” Walang pag-aatubiling ibinigay sa kaniya ni Van Niekerk ang halos lahat ng pag-aari niya—500 matatabang tupa, 10 barakong baka, ang karwaheng ginagamit niya upang ibiyahen ang kaniyang mga gulay sa bayan, at pati na ang kabayong sinasakyan niya! Tiyak na naisip ni Booï na mayaman na siya—dahil lamang sa makinatib at bilog na batong iyon!

Kaagad nagtungo si Van Niekerk sa Hopetown upang ipagbili ang kaniyang diamante. Isang namanghang grupo ng mga negosyante roon ang pumayag magbayad ng 11,300 *pound* para sa batong ito na 83.5 karat. Nang maglaon, nakilala

Ang Star of South Africa



ito bilang Star of South Africa.* Ang tinabas at pinakintab na batong ito ang naging pinakamtampok na bahagi ng magandang kuwintas na makikita sa pahinang ito. Nang mabalitaan ng ibang mga bansa ang hinggil sa diamanteng ito, naglaho ang anumang pag-aalinlangan na may malalaking diamante nga sa Timog Aprika, at libu-libong tao mula sa iba’t ibang bansa gaya ng Hilaga at Timog Amerika, Inglatera, Europa, at Australia ang dumagsa sa Timog Aprika anupat umaasang yayaman sila rito.

Nagsimula ang Pagkukumahog

Nagsimula ang paghuhukay ng diamante sa kahabaan ng Ilog Orange at Ilog Vaal. Pagkatapos, noong 1870, kumalat ang balitang may nakukuhang malalaking diamante sa mga bukid malapit sa sentro ng bansa sa pagitan ng dalawang ilog. Kaya, dumagsa sa bukid ni Adrian van Wyk ang mga naghuhukay ng diamante sa ilog. Hindi alam ni Van Wyk at ng kaniyang mga kapitbahay na may di-aktibong mga bulkan sa kailaliman ng kanilang mga bukid. Ang

* Ang pangalan ng diamanteng ito ay naipagkakamali kung minsan sa isa pang diamanteng tinatawag na Star of Africa. —Tingnan ang kahong “Premier Mine,” sa pahina 16.

Photos: De Beers Consolidated Mines Ltd.



ANG MALAKING HUKAY SA KIMBERLEY

Sa loob ng apat na taon mula 1869 hanggang 1873, dumami ang populasyon sa palibot ng makabagong-panahong lunsod ng Kimberley mula sa mangilan-ngilang magsasaka tungo sa humigit-kumulang 50,000 katao. Marami sa mga ito ang naghahangad yumaman at nagmula sa iba’t ibang panig ng daigdig. Libu-libo katao ang naglakad nang 1,000 kilometro mula sa daungan sa Cape Town. Gamit ang mga piko at pala, pinaghuhukay nila ang isang burol anupat ito ang naging pinakamalaking hukay na kailanma’y nagawa ng tao nang manu-mano. Sa wakas, nang itigil ang manu-manong paghuhukay, may lalim na itong 240 metro. Nagpatuloy ang pagmimina sa lalim ng lupa hanggang sa lalim na 1,097 metro. Pagsapit ng 1914, nang itigil na ang lahat ng pagmimina rito, “25 milyong tonelada ng lupa” ang nahukay, ayon sa *Standard Encyclopaedia of Southern Africa*. Mula sa lahat ng bato at lupang iyon, ang sabi pa ng reperensiya, nakuha ang tatlong tonelada ng diamante na nagkakahalaga ng mahigit sa 47,000,000 *pound*.



mga diamante ay natuklasan sa tinatawag na *blue ground* na masusumpungan sa sinaunang mga daanan ng lava sa loob ng bulkan.

Samantala, bigla na lamang nagsulputan ang mga toldang tirahan, na di-nagtagal ay naging mga istrakturang gawa sa yero. Napakasimple ng mga tirahang ito anupat wala roong sapat na suplay ng tubig at pangunahing mga serbisyo. Tiniis ng bagong dating na mga dayuhan ang alikabok, ang kulpon ng mga langaw, ang panahon ng tag-araw na umaabot ng mahigit 40 digri Celsius, at ang mga gabi ng taglamig na kung minsan ay mas mababa pa sa temperatura ng pagyeyelo. Tiniis nila ang lahat ng hirap na ito dahil sa pag-asang yumaman.

Ano ang nangyari kay Adrian van Wyk matapos dagsain ng mga naghuhukay ng diamante ang kaniyang bukid? Sa umpisa, pinahintulutan niyang maghukay sila sa kaniyang bukid kapalit ng maliit na halaga buwan-buwan. Subalit yamang parami nang paraming naghuhukay ang dumaragsa sa kaniyang bukid, naging napakagulo ng situwasyon anupat hindi na ito makontrol ni Van Wyk. Nang alukin siya ng isang kompanya sa pagmimina ng

2,000 *pound* kapalit ng kaniyang bukid, malugod niyang tinanggap ito, pinirmahan ang mga papeles, at umalis upang maghanap ng mas mapayapang matitirhan.

Hindi kalayuan sa bukid ni Van Wyk matatagpuan ang isa pang bukid na pag-aari ng magkapatid na De Beer. Ginamit ang kanilang pangalan sa pagre-ehistro ng De Beers Consolidated Mines, ang pinakamalaking minahan ng diamante sa daigdig hanggang sa kasalukuyan. Ang hamak na mga bukid na iyon noon ay sakop na ngayon ng lunsod ng Kimberley. Naging puspusan ang pagtatrabaho sa bukid ng magkapatid na De Beer at naghukay ang mga lalaki ng napakalalim at napakaluwang na hukay anupat nakilala ito bilang Malaking Hukay.


Bago matuklasan na may diamante sa Timog Aprika, ang mahahalagang hiyas na ito ay minimina na sa India at Brazil. Subalit kakaunti lamang ang nasumpungan sa mga bansang ito anupat hindi nasapatan ang pangangailangan ng pandaigdig na pamilihan. Nang matuklasan ang pagkaramiraming diamante sa Timog Aprika, nagpasimula ang makabagong industriya ng diamante.

Photos: De Beers Consolidated Mines Ltd.

Ang Malaking Hukay noong 1875. Gumamit ng mga lubid ang daan-daan katao na nag-aangking may-ari ng mina upang ibaba ang mga minero sa hukay at iahon ang inambato na may mga diamante



Mabilisang itinayo ang mga kampong minahan dahil sa pagkukumahog sa diamante



Kakaibang Uri ng Paglalakad!

MULA SA MANUNULAT NG
GUMISING! SA FINLAND



Narinig mo na ba ang “Nordic walking”? Sa Finland, ang ganitong uri ng paglalakad ay naging isa sa pinakapopular na ehersisyo. Ginagamit sa paglalakad na ito ang mga “pole” na kahawig niyaong ginagamit sa pag-iiski. Paano nagsimula ito, at ano ang mga pakinabang dito?

KAPAG nakakita ka ng isang taong naglalakad na gumagamit ng mga pole, baka maisip mo ang isang taong nag-iiski nang walang pang-iski. Ang totoo, ang mga kareristang nag-iiski ang nagpauso ng *Nordic walking* nang pag-ibayuhin nila ang kanilang pagsasanay sa tag-araw sa pamamagitan ng paglalakad gamit ang kanilang mga *ski pole*. Noong dekada ng 1980, iminungkahi sa iba pang mga atleta ang paglalakad gamit ang mga pole bilang mabisang ehersisyo. Sa huling mga taon ng dekada ng 1990, maraming tao na ang naglalakad na gamit ang mga pole. Ipina-kikita ng 2004 *Gallup survey* na 760,000 taga-Finland—19 na porsiyento ng populasyon—ang naglalakad gamit ang mga pole nang minsan sa isang linggo. “Ang *Nordic walking* ang pumapangalawa na ngayon sa [karaniwang] paglalakad bilang pinakapopular na ehersisyo sa Finland,” ang sabi ni Tuomo Jantunen, ehekutibong direktor ng Suomen Latu, ang organisasyon na nagpagawa ng surbey. Ang *Nordic walking* ay hindi panandaliang kausuhan lamang. Nitong nakalipas na mga taon, unti-unti na ring dumami ang naglalakad sa ganitong paraan sa iba pang mga bansa.

Marami ang nakaaalam sa mga pakinabang ng paglalakad, subalit ano ba ang mga bentaha ng paglalakad gamit ang mga pole? “Ang isang malaking pakinabang ng *Nordic walking* ay naeehersisyo nito ang itaas na bahagi ng katawan, kasali na ang mga kalamnan sa bisig, likod, at tiyan,” ang sabi ng *physical therapist* at eksperto sa *Nordic walking* na si Jarmo Ahonen. “Nakatutulong din ito upang marelaks ang maiigting na kalamnan sa leeg at balikat, na karaniwang problema ng mga nag-oopisina,” ang sabi pa niya.

Dahil mas maraming kalamnan ang naeehersisyo sa *Nordic walking* kaysa sa karaniwang paglalakad, mas maraming kalori rin ang nasusunog ng katawan. Sa paggamit ng mga pole, mas madaling mapabililis ng isang tao ang kaniyang lakad at pulso. Pero hindi lamang iyan. Sinasabi ng mga tagapagtaguyod nito na kapag wastong ginamit ang mga pole, matutulungan nito ang isang tao na lumakad nang tuwid, anupat napagaganda ang kaniyang bikas. “Naiibsan din ng *Nordic walking* ang tensiyon sa mga kasukasan, yamang nasusuportahan ng mga pole na ginagamit sa paglalakad ang bigat ng katawan ng isang tao,” ang sabi ni Ahonen. Ipinaliwanag ng isang nagsasagawa ng *Nordic walking* na nakatutulong ang matutulis na dulo ng mga pole na mapanatili ang kaniyang panimbang kapag naglalakad sa madudulas na lugar. Dahil dito, ginagawa na rin ng mga may-edad na ang bagong uring ito ng paglalakad sa panahon ng taglamig, yamang ang lupa ay kadalasang nababalutan ng niyebeng o yelo sa panahong iyon.

Kung Paano Ito Sisimulan

Hindi kailangan ang mamahaling kagamitan sa *Nordic walking*. Ang kailangan mo lamang ay komportableng sapatos at mga pole na may pantanging disenyo at tamang haba. Kung maglalakad ka sa kongkretong daan, lagyan ng *rubber plug* ang matutulis na dulo ng mga pole. Hindi mahirap matutuhan ang *Nordic walking*. Kaya mo ito. Gayunman, kung baguhan ka, makabubuting humingi ng payo sa isang bihasa sa *Nordic walking*.

Ang mga Kabataan ay Nagtatanong . . .

Kailangan Pa ba Namin ng Pormal na Kasalan?

“Ang aking katipang si Cindy ang nakaisip na palihim kaming umalis at magpakasal nang hindi nalalaman ng aming mga kaibigan at mga kamag-anak. Pagkatapos naming mapag-usapan iyon, napag-isip-isip namin na makatitipid kami ng panahon at lakas kung ganito ang gagawin namin at hindi kami masyadong mahihirapan.”—Allen.*

KUNG nasa tamang edad ka na at may romantikong kaugnayan sa isa, baka maudyukan kang palihim na magpakasal. Sa ilang kaso, ang isang magkatipan ay baka maakit na umalis at saka magpakasal nang hindi nagpapaalam kahit na sa kanilang mga magulang.[#] Anong mga simulain ang makatutulong sa iyo na magpasiya kung ano ang dapat gawin?

Talaga Bang Kailangang Sumunod sa Tradisyon?

Bagaman karaniwan ang pagpapakasal sa maraming kultura, iba't iba naman ang mga kostumbre na kaugnay rito. Para sa magkatipang Kristiyano, hindi kailangang sumunod sa lahat ng lokal na kostumbre. (Roma 12:2) Sa halip, ang pangunahing hangarin nila ay gawing marangal sa harap ng Diyos na Jehova ang kanilang pagliligawan at pag-aasawa.—1 Corinto 10:31.

Yamang ang pag-aasawa ay isang maraming magkatipan na ilihim ito. Sa maraming lupa-

in sa Kanluran, karaniwan nang isinasabay ng mga magkatipang Saksi ni Jehova na gawin ang seremonya ng kasal sa kanilang Kingdom Hall.* Pagkatapos, depende sa kanila kung maghahanda sila ng isang salu-salo at marahil ng ilang programa kasama ng kanilang pamilya at mga kaibigan. Hindi naman kailangang gawing enggrande ang ganitong mga okasyon. Gayunman, totoong nakapapagod at di-biro ang gastos sa paghahanda ng isang kasalan at ng isang ping. Halimbawa, sa Estados Unidos, karaniwan nang nagkakahalaga ng libu-libong dolyar ang isang handaan sa kasal.

Upang hindi gaanong mapagod at medyo matatipid, nagpapasaya ang ilang magkatipan na gawin itong simple. “Sinabi namin sa aming mga magulang na hindi kami magkakaroon ng tradisyonal na kasalan,” ang sabi ni Cindy, “dahil

* Ang mga dakong ito ng pagsamba ay angkop na lugar ng kasalan para sa mga Saksi ni Jehova. Simple lamang ang seremonya at bahagi nito ang isang maigsi pagtalakay sa mga simulain ng Bibliya na nagsisilbing pundasyon ng isang matagumpay na pag-aasawa. Siyempre pa, walang bayad ang paggamit nila ng Kingdom Hall.

* Binago ang mga pangalan.

Ang gawaing ito ay tinutukoy kung minsan na pagtatanan.

gusto naming gawing simple at di-magastos ang okasyon. Tiniyak sa amin ng aking mga magulang na nauunawaan nila ang aming kalagayan at sumang-ayon sila sa amin. Napakamaunawain nila.” Sa kabilang panig naman, nang si Allen, katiplan ni Cindy na binanggit kanina, ay magsabi sa kaniyang mga magulang tungkol kanilang plano sa kasal, nahirapang unawain ng mga ito ang kanilang desisyon. “Inisip nila na may kasalanan sila,” ang sabi ni Allen, “na nagpasiya kami nang gayon dahil sa nagawa nila. Pero hindi naman tagala iyon ang dahilan.”

Maaaring madismaya rin ang iyong mga magulang kung ipasiya ninyong magkaroon ng napakasimpleng kasalan, dahil baka gusto nilang maksakihan ng mas maraming tao ang maligaya at espesyal na okasyong ito. Paano naman kung inisip mong mag-asawa nang hindi man lamang ipinaalam ito sa iyong mga magulang, dahil alam mong tututulan ng iyong pamilya ang mismong ideya na mag-aasawa ka na?

Isaalang-alang ang Damdamin ng Iyong Pamilya

Marahil nadarama ng iyong mga magulang na napakabata mo pa para gumawa ng gayon kasesyosong desisyon kung kaya tutol sila. Baka nagaalala sila na magbabago pa ang iyong gusto habang nagkakaedad ka at na pagsisihan mo balang-araw ang ginawa mong pagpili ng mapapangasawa. Sa kabilang dako naman, baka naniniwala sila na nasa edad ka na para mag-asawa, pero may nakikita silang mga kapintasan sa iyong mapapangasawa. O baka pigilan ka pa nga nilang mag-asawa dahil ang napili mong mapangasawa ay hindi mo kapananampalataya.

Kung ang mga magulang mo ay mga tunay na Kristiyano, malamang na may maka-Kasulatan silang basehan sa kanilang mga ikinababahala. Angkop lamang naman na ipahayag nila ang anumang pag-aalinlangan nila. Sa katunayan, ituturing sila ni Jehova na pagbabayad at walang pagmamahal kung hindi nila gagawin iyon. At para sa kapakanan mo na pakinggan ang kanilang pangmalas.—Kawikaan 13:1, 24.

Upang ilarawan: Kapag bumili ka ng isang damit, malamang na itatanong mo sa iba kung bagay ba iyon sa iyo. Maaaring hindi ka palaging sumang-ayon sa kanilang opinyon, ngunit inaasahan mo pa ring sasabihin sa iyo ng malalapit mong kaibigan kung talagang sa palagay nila ay hindi bagay sa iyo ang damit na iyon. Pinasasala-

matan mo ang kanilang mga komento, sapagkat maaari silang makatulong upang hindi masayang ang pera mo. Hindi kaya mas pasasalamat mo ang opinyon ng iyong pamilya tungkol sa pagpili mo ng mapapangasawa? Oo nga't puwede mo namang papalitan o idisipatsa ang isang damit, ngunit inaasahan ni Jehova na pakikisamahan mo ang iyong kabiyaq habambuhay. (Mateo 19:5, 6) Kung ang personalidad at espirituwalidad mo at ng pinili mong maging asawa ay talagang hindi magkabagay, ang inyong pagsasama ay magiging mas malala pa kaysa sa pagsusuot ng isang damit na hindi bagay sa iyo. (Genesis 2:18; Kawikaan 21:9) At bilang resulta, maaaring mapalampas mo ang pagkakataong makasumpong ng tunay na kaligayahan.—Kawikaan 5:18; 18:22.

Totoo, maaaring makasarili ang dahilan ng ilang magulang kung kaya tumututol sila sa pag-aasawa ng kanilang anak—halimbawa, upang patuloy nilang makontrol ang kanilang anak. Gayunman, bago mo ituring na makasarili ang mga ikinababahala ng iyong mga magulang at magpasiyang palihim na umalis upang magpakasal, bakit hindi mo pag-isipang mabuti ang dahilan ng kanilang pagtutol?

Kung Bakit Dapat Mag-ingat

Totoo na nagbabago ang mga bagay na gusto mo habang nagkakaedad ka. “Noong ako ay sanggol pa,” ang sulat ni apostol Pablo, “nagsasalita akong gaya ng sanggol, nagiisip na gaya ng sanggol, nangangatuwirang gaya ng sanggol; ngunit ngayong ganap na ang aking pagkatao, inalis ko na ang mga ugali ng isang sanggol.” (1 Corinto 13:11) Sa katulad na paraan, ang mga katangiang hinahanap mo sa isang tao nang tin-edyer ka pa ay malamang na mag-iba habang nagkakaedad ka. Kaya iminumungkahi ng Bibliya na maghintay ka hanggang sa ikaw ay “lampas na sa kasibulan ng kabataan”—ang mga taon kung kailan malakas ang iyong seksuwal na pagnanasa—bago ka gumawa ng seryosong hakbang ng pagpili ng mapapangasawa.—1 Corinto 7:36.

Paano kung may nakikitang kapintasan ang iyong mga magulang sa mapapangasawa mo? Dahil sa kanilang mga karanasan sa buhay, ang kaka-yahan sa pang-unawa ng iyong mga magulang ay mas sanay nang kumilala ng tama at mali. (Hebreo 5:14) Kaya maaaring may nakikita silang seryosong mga kapintasan sa personalidad ng iyong mapapangasawa, na hindi mo naman nakikita.

Isaalang-alang ang simulain sa isinulat ng matalinong lalaking si Solomon: “Ang nauna sa kaniyang usapin sa batas ay matuwid; ang kaniyang kapuwa ay dumarating at sinisiyasat siya.” (Kawikaan 18:17) Sa katulad na paraan, maaaring nakumbinsi ka ng iyong minamahal na siya ang bagay sa iyo. Gayunman, matapos ‘siyang siyasatin’ ng iyong mga magulang, baka itawag-pansin nila sa iyo ang ilang bagay na matalino namang pag-isipan.

Halimbawa, maaaring mariin nilang ipaalaala sa iyo ang utos ng Bibliya sa mga tunay na Kristiyano na mag-asawa “tangi lamang sa Panginoon.” (1 Corinto 7:39) Baka ikatuwiran mo na mayron namang ilan na alam mong nakapag-asawa ng di-kapananampalataya ngunit ngayon ay maligaya at magkasama nang naglilingkod kay Jehova. Bagaman totoo ito, napakadalang naman nitong mangyari. Kung mag-aasawa ka ng isang di-kapananampalataya, hindi mo lamang binabale-wala ang mga pamantayan ni Jehova kundi inilalagay mo rin ang iyong sarili sa malubhang espirituwal na panganib.—2 Corinto 6:14.*

Padalus-dalos na Dahilan Para Magpakasal

Ang ilang kabataan na nasangkot sa imoral na paggawi ay nagtanan upang magpakasal sa paniniwalang maiibsan nito ang kanilang pagkadamang ng pagkakasala. O malamang na inakala nilang mapagtataktan ng pagpapakasal ang bunga ng kanilang pagkakasala, gaya ng di-inaasahang pagdadalang-tao.

* Para sa higit pang pagtalakay sa paksang ito, tingnan ang *Bantayan*, mga isyu ng Hulyo 1, 2004, pahina 30-1, at Nobyembre 1, 1989, pahina 18-22.

Kung magpapakasal ka upang mapagtakpan lamang ang iyong kasalanan, dinaragdagan mo lamang ang iyong kasalanan. “Siyang nagtatakip ng kaniyang mga pagsalansang ay hindi magtata-gumpay,” ang babala ni Solomon, “ngunit siyang nagtatapat at nag-iiwan ng mga iyon ay pagpakitaan ng awa.” (Kawikaan 28:13) Natutuhan ng mga magulang ni Solomon, sina David at Batsheba, ang kamangmangan ng pagsisikap na pagtakpan ang kanilang imoral na paggawi. (2 Samuel 11:2–12:25) Sa halip na ilihim ang iyong nagawang kasalanan, ipagtapat ito sa iyong mga magulang at sa mga elder sa kongregasyon. Kailangan mo ng lakas ng loob upang magawa ito, ngunit makatitiyak ka na patatawarin ka ni Jehova kung tunay kang nagsisisi. (Isaias 1:18) Kapag napanumbalik mo na ang isang malinis na budhi, nasa mas mabuti kang kalagayan na gumawa ng timbang na pagpapasiya hinggil sa pag-aasawa.

Iwasan ang Pagsisisi sa Bandang Huli

Habang ginugunita ni Allen ang kaniyang kasal, sinabi niya: “Hindi kami gaanong nahirapan sa aming kasal dahil sa pasiya naming gawin itong simple. Ang tanging pinagsisisihan ko lang ay hindi ko naipaunawang mabuti sa aking pamilya ang aming pasiya.”

Ang totoo, personal na desisyon ng may-gulang na magkatipan kung nais nilang magkaroon ng tradisyonal na kasalan o hindi. Gayunman, kung gagawa ka ng anumang pasiya hinggil sa pag-aasawa, huwag magmadali, makipag-usap sa iyong pamilya, at ‘pag-isipan ang iyong hakbang.’ Makatutulong iyan upang hindi ka magsisi sa bandang huli.—Kawikaan 14:15.

**Kung gagawa ka
ng anumang pasiya
hinggil sa pag-aasawa,
makipag-usap sa
iyong pamilya**





ANO ANG MAAARI MONG GAWIN HINGGIL SA

Trapik?

MULA SA MANUNULAT NG GUMISING! SA PILIPINAS

BABALA: Maraming malalaking lunsod ang pinahihirapan ng isang salot. Hindi ito nakahahawang sakit, at hindi rin ito mapaminsalang kulupon ng matatakaw na insekto. Gayunpaman, nagbabanta ito sa kalusugan at kaligayahan ng milyunmilyong tao. Ano ba ito? Ito ang salot na pagsisikip ng trapiko!

Ayon sa mga mananaliksik, nakapipinsala sa iyong kalusugan ang madalas na pagkai-pit sa trapik. Ipinahihawatig pa nga sa isang pananaliksik kamakailan na lumalaki ang panganib na atakihin sa puso ang isang tao sa loob ng di-kukulangin sa isang oras matapos siyang maipit sa trapik. Iniulat ng *The New Zealand Herald* na ang “usok na ibinubuga ng mga sasakyan, ingay at kaigtingan [na dulot ng trapik] ang malamang na pangunahing mga sanhi ng biglang paglaki ng panganib.”

Lason sa Hangin

Karamihan sa mga sasakyang de-motor ay naglalabas ng mga *nitrogen oxide* at ilang elemento na nagdudulot ng kanser. Maraming sasakyan, lalo na yaong may mga makinang diesel, ang nagbubuga ng napakaraming pagkaliliit na partikula. Napakapanganib ng mga ito sa kalusugan ng publiko. Tinatayang umaabot ng tatlong milyon katao ang namamatay taun-taon dahil sa polusyon sa hangin, na sa kalakhang bahagi ay nagmumula sa mga sasakyang de-motor. Sinasabi sa isang report na 10 porsiyento ng mga impeksiyon sa palahingahan ng mga batang taga-Europa ay sanhi ng pinong mga partikula sa maraming hangin, at mas mataas pa nga ang

porsiyento sa mga lunsod na nagsisikip ang trapiko.

Isaalang-alang din ang mga panganib na idinudulot nito sa kapaligiran ng lupa. Ang mga *nitrogen oxide* at *sulfur dioxide* na ibinubuga ng mga sasakyan ay nagiging sanhi ng asidong ulan, na nagpaparumi sa katubigan, nakapipinsala sa mga nilalang sa tubig, at nakasisira sa napakaraming uri ng pananim. Mas malala pa rito, nagbubuga ang mga sasakyan ng pagkarami-raming *carbon dioxide*. Ito ang pangunahing gas na sinasabing dahilan ng pag-init ng globo, na nagdudulot ng iba pang mga panganib sa planetang Lupa.

Mas Maraming Aksidente

Habang tumitindi ang trapik, lalo namang nanganganib ang buhay ng mga tao. Mahigit isang milyon katao ang namamatay sa mga aksidente sa sasakyan taun-taon, at patuloy na tumataas ang bilang na ito. Napakalaki ng panganib sa ilang lugar. Halimbawa, natuklasan ng mga mananaliksik ng European Commission na “sa bawat isang milyong residente, 690 ang namamatay sa kalsada sa Gresya, di-tulad sa Sweden na 120” lamang.

Ang isang di-kaayaayang salik na nakatawag ng pansin nitong kamakailang mga taon ay ang pagngangalit habang nasa daan (*road rage*). Parami nang parami ang mga ulat hinggil sa mga drayber na nagbubulalas ng kanilang galit sa ibang drayber. Ayon sa surbey na isinagawa ng National Highway Traffic Safety Administration sa Estados Unidos, iniisip ng mga drayber na isa sa mga dahilan ng pagiging agresibo ng mga nagmamaneho ay ang “pagdami ng



mga sasakyan sa kalsada o pagsisikip ng trapiko.”

Salot sa Ekonomiya

Magastos din ang pagsisikip ng trapiko. Ipinakikita sa isang pag-aaral na sa Los Angeles, California pa lamang, mahigit apat na bilyong litro ng gasolina at krudo ang nasasayang taun-taon dahil sa pagkaantala na sanhi ng trapik. Mayroon ding di-tuwirang mga kalugihan, kasali na ang nawalang mga oportunidad sa negosyo, karagdang gastos sa pangangalaga sa kalusugan dahil sa polusyon, at ang kapinsalaang sanhi ng dumaraming aksidente sa trapiko.

Ang lahat ng kalugihang ito ay nagpapa-hina sa ekonomiya ng bansa. Ipinakikita ng isang pag-aaral na nalulugi ang mga Amerikano ng mga 68 bilyong dolyar taun-taon dahil sa nasayang na panahon at gasolina pa lamang sanhi ng pagkakabuhol-buhol ng trapiko. Sa Malayong Silangan, ganito ang sinabi sa ulat ng *Philippine Star*: “Gaya ng patuloy na pag-andar ng metro ng taksi, nalulugi ang bansa nang bilyun-bilyong piso taun-taon dahil sa pagbubuhol ng trapiko.” Sa Europa, ang kalugihan ay tinatayang mga sangkapat ng isang trilyong *euro*.

Ano ang Inaasahang Lagay ng Trapiko?

Sa kabila ng maraming pagsisikip na mahanap ng solusyon, lumalala ang problema sa trapiko. Ipinakikita ng pambansang surbey ng Texas Transportation Institute sa 75 lugar sa mga lunsod ng Estados Unidos na ang panahong nasasayang sa trapik ay tumaas mula sa katamtamang 16 na oras bawat taon noong 1982 hanggang 62 oras noong 2000. Ang haba ng oras sa araw kung kailan mas malamang na maipit sa trapik

ang mga pasahero ay tumaas mula 4.5 tungo sa 7 oras. Sinasabi ng ulat na “lalong lumala ang pagsisikip ng trapiko sa lahat ng lugar sa panahong isinasagawa ang pag-aaral. Mas tumatagal ang pagsisikip ng trapiko at mas marami na ngayon ang naglalakbay at ang daan na apektado kaysa dati.”

Gayundin ang mga report mula sa ibang mga bansa. Ganito ang naging konklusyon ng mga mananaliksik na nagtatrabaho sa ilalim ng pangangasiwa ng European Commission: “Kung hindi tayo gagawa ng malalaking pagbabago sa ating sistema ng transportasyon, ang pagsisikip sa trapiko ay hahantong sa pagkaparalisa ng mga lunsod sa susunod na dekada.”


Gayundin ang problema sa mga bansa sa Asia. Kilala ang Tokyo sa pagsisikip ng trapiko, at lalong lumalala ang trapik sa iba pang mga lunsod sa buong Hapon. Sa Pilipinas, pangkaraniwan na lamang ang ganitong ulat mula sa *Manila Bulletin*: “Buhulbuhol at napakasikip ng trapiko, libu-libong pasahero ang nag-aabang ng masasakyan sa panahon ng kasagsagan ng trapik.”

Makatotohanang sabihin na tila wala pa ring ganap na solusyon sa problema sa trapik hanggang sa ngayon. Ganito ang naging konklusyon ni Anthony Downs, awtor ng aklat na *Stuck in Traffic—Coping With Peak-Hour Traffic Congestion*: “Anuman ang pampublikong patakaran na ipatupad upang lunasan ang pagsisikip ng trapiko sa hinaharap, malamang na lumala pa ito sa halos lahat ng panig ng daigdig. Kaya ang panghulikong payo ay: Masanay ka na rito.”

Ano ang Maaari Mong Gawin?

Dahil sa mga nabanggit na, ano ang maaari mong gawin upang maharap







Iwasan ang trapik sa pamamagitan ng patiunang pagpaplano

ang nakayayamot na problemang ito? Kung kabilang ka sa milyun-milyon katao na madalas maipit sa trapik, may magagawa ka upang ingatan ang iyong pisikal at mental na kalusugan.


■ **MAGING HANDA.** Marami ang nakadarama na ng kaigtingan bago pa man sila maipit sa trapik. Tanghali na silang bumabangon. Nagmamadali silang maligo, magbihis, at kumain. Nababalisa sila kapag naiisip nilang mahuhuli na sila sa trabaho. Lalo lamang silang nakadarama ng kaigtingan kapag sumikip na ang trapiko. Kung alam mo nang matatrapik ka, mas maaga kang bumiyahе. Kung aalis ka nang mas maaga, baka makaiwas ka pa nga sa trapik. Ayon sa aklat na *Commuting Stress—Causes, Effects, and Methods of Coping*, “ang di-gaanong maigting na pagbibiyahе ay nagsisimula isang araw o gabi bago ka bumiyahе.” Ganito pa ang sinabi sa aklat: “Ihanda na sa gabi ang damit,



Bago magmaneho, pumili ng angkop na “cassette” o CD



Kung pasahero ka, umisip ng paraan upang magamit ang iyong panahon sa makabuluhang paraan



Huwag mayamot sa mga bagay na hindi mo mababago

portpolyo, o pananghalian ng magbibiyahe o ng mga anak upang maiwasan ang pagmamadali sa umaga.” Mangyari pa, napakahalaga ng sapat na tulog sa gabi. Upang makagising nang maaga, dapat kang matulog sa makatuwirang oras.

May iba pang pakinabang sa pagbangon nang maaga. Halimbawa, ang matagal na pag-upo sa sasakyan dahil sa trapik ay maaaring magpaigting ng iyong mga kalamnan anupat mahirapan kang igalaw ang mga ito. Kung angkop sa kalagayan mo, bakit hindi mag-ehersisyo sa umaga? Ang regular na programa ng pag-ehersisyo ay makapagpapalusog sa iyo at makatutulong sa iyo na makayanan ang pisikal na mga kaigtingang dulot ng pagkaipit sa trapik. Maaari ka ring makakain ng masustansiyaing agahan kung babangon ka nang maaga. Kung matatrapik ka at sitsirya lamang ang kinain mo o walang laman ang iyong sikhura, baka lalo ka lamang makadama ng kaigtingan.

Maaari mong maiwasan ang higit pang kaigtingan kung titiyakin mong nasa kondisyon ang iyong sasakyan. Wala nang mas nakayayamot pa kaysa sa masiraan ng sasakyan sa gitna ng buhul-buhol na trapiko. Lalo nang totoo ito kapag masama ang lagay ng panahon. Kaya wastong mantinihin ang iyong preno, gulong, *air conditioner*, *heater*, *windshield wiper*, *defroster*, at iba pang mahalalagang bahagi ng sasakyan. Matinding kaigtingan ang idinudulot maging ng maliliit na aksidente sa gitna ng masikip na trapiko. At, siyempre, laging tiyakin na sapat ang gasolina ng iyong sasakyan.

■ **MAKIBALITA.** Bago magmaneho, maaaring makatulong sa iyo kung makikibalita ka hinggil sa di-karaniwang mga kalagayan gaya ng masamang lagay ng panahon, konstruksiyon ng kalsada, pansamantalang pagsasara ng daan, mga aksidente, at iba pang kasalukuyang kalagayan ng trapiko. Malalaman mo ito sa pamamagitan ng pakikinig sa isinasahimpapawid na balita o pagbabasa ng pahayagan. Gayundin, magdala ng mapa ng lugar na daraanan mo. Kung pamilyar ka sa alternatibong mga ruta, maaari mong lampasan ang matrapik na mga kalsada.

■ **SIKAPING MAGING KOMPORTABLE.** *I-adjust* ang bentilasyon ng iyong sasakyan pati na ang posisyon ng iyong pag-upo upang maging komportable ka hangga’t maaari. Kung mayroon kang radyo o *cassette* o *CD player*, maaari kang makinig sa paborito mong musika. Ang ilang uri ng musika ay may nakapagpapakalmang epekto at maaari nitong bawasan ang iyong kaigtingan. Sa paggawa

nito, maiwasan mo ring mayamot sa ingay na dulot ng buhul-buhol na trapiko.*

■ **GAWING MAKABULUHAN ANG IYONG PANAHON.** Ang isa sa pinakakapaki-pakinabang na magagawa mo kapag naipit ka sa trapik ay ang mag-isip nang positibo. Sa halip na ituon ang isip sa masamang lagay ng trapiko, sikaping isipin ang mga aktibidad sa maghapon. Kung nag-iisa ka lamang sa biyahe at naipit ka sa trapik, maaari mong gamitin ang panahong iyan upang magbulay-bulay at gumawa pa nga ng mga desisyon nang hindi nagagambala.

Kung pasahero ka, baka lalo ka lamang makadama ng kaigtingan kung pagmamasdan mo ang napakahabang linya ng sasakyan sa unahan. Kaya planuhing gamitin sa makabuluhang paraan ang oras na ginugugol mo sa trapik. Baka gusto mong dalhin ang iyong paboritong aklat o pahayagan. Maaari mong basahin ang ilan sa mga liham na nangangagap mo nang nagdaang araw. Baka masumpungang ng ilan na komportableng sumulat ng liham o gumawa ng ilang trabaho sa *portable computer*.

■ **MAGING MAKATOTOHANAN.** Kung nakatira ka sa lugar kung saan problema ang pagsisikip ng trapiko, asahan mo nang matatrapik ka at gumawa ng angkop na plano. Hindi maaalis ang pagsisikip ng trapiko sa karamihan ng mga lunsod. Gani-to ang sinasabi ng aklat na *Stuck in Traffic—Coping With Peak-Hour Traffic Congestion*: “Ang malubhang pagsisikip ng trapiko sa mga oras ng pagpasok at paglabas sa trabaho ay halos tiyak na magpapatuloy nang mahabang panahon sa lahat ng mga lugar sa malalaking lunsod na nakararanas na nito.” Kaya matutong tanggapin ang trapik bilang normal na bahagi ng iyong buhay, at gawin ang iyong makakaya upang maging makabuluhan ang gayong mga oras!

* Maraming mambabasa ng *Gumising!* ang nasisiyahang makinig sa mga rekording ng babasahing ito pati na ng kasamahan nitong *Ang Bantayan*. Sa ilang wika, makukuha ito sa *audiocassette*, *compact disc*, at *MP3 format*.

Sa Susunod na Labas

- Kawalan ng Tirahan—Malulunasan Pa Kaya Ito?
- Determinado sa Kabila ng mga Kapansanan
- Mas Pinapaboran ba ng Diyos ang Ilang Bansa Kaysa sa Iba?

Pagmamasid sa Daigdig

Nakaaapekto sa Puso ang Pagkakaibigan

“Ang pagkakaroon ng kaibigan at mabuting kaugnayan sa pamilya ay nakapagpapababa sa panganib na atakihin sa puso o maistrok ang isang tao,” ang sabi ng pahayagang *Diario Médico* sa Espanya. Ang dami ng kolesterol, presyon ng dugo, at timbang ay matagal nang kinikilala ng mga doktor bilang mahahaling salik na nakaaapekto sa kalagayan ng puso ng isang tao. Subalit ayon sa isang kamakailang pag-aaral sa 500 kababaihan na nakaranas ng paninikip ng dibdib, dapat ding isaalang-alang ang dami ng kapamilya at kaibigan ng isang pasyente at kung gaano siya kalapit sa mga ito. Isinisiwalat ng bagong pag-aaral na “dalawang beses nanganganib mamatay [nang wala sa panahon] yaong may maigting na mga ugnayan kung ihahambing sa mga babang may mabuting kaugnayan sa iba.” Sinabi pa ni Carl J. Pepine, kasamang awtor sa pag-aaral, na “napansing bumaba ang panganib [na maistrok o atakihin sa puso ang isang tao] dahil sa pagkakaroon ng [kahit] isa o dalawang malalapit na kaibigan.”



Pag-unti ng Krill sa Antartiko

Ang mga *krill*—maliliit at mukhang hipon na krustasyo na mahalagang pagkain ng iba pang mga uri ng nilalang sa karagatan—ay kumaunti nang 80 porsiyento sa Antartiko mula noong dekada ng 1970, ang sabi ni David Adam, gaya ng iniulat sa diyaryong *Guardian* sa London. Kinakain ng mga *krill* ang mga alga na nanganganlong sa ilalim ng nakalutang na yelo sa karagatan, subalit ang katamtamang temperatura ng hangin sa Peninsula ng Antartiko ay tumaas nang 2.5 digri Celsius mula noong dekada ng 1950, anupat natunaw ang ilan sa mga yelo. Ganito ang sinabi ni Angus Atkinson ng British Antarctic Survey: “Hindi pa namin lubusang nauunawaan kung paano nauugnay ang pagkatunaw ng yelo sa karagatan sa pag-init ng temperatura, pero naniniwala kami na maaaring ito ang sanhi ng pag-unti ng mga *krill*.” Sinuri ng pangkat ang siyentipikong mga rekord sa pangingsda ng siyam na bansang nangingisda sa Antartiko mula

noong 1926 hanggang 1939, at mula 1976 hanggang 2003. Sinasabi nila na mga sangkalima na lamang ng dami ng *krill* ang umiral ngayon kung ihahambing noong nakalipas na tatlong dekada.

Pagsasalita sa Pamamagitan ng Pagsipol

Ang mga pastol ng La Gomera sa Canary Islands ay gumagamit ng isinisipol na wika na tinatawag na Silbo. Nakapag-uusap ang mga pastol bagaman napakalayo nila sa isa’t isa sa pamamagitan ng sistema ng pakikipagtalastasang binubuo ng dalawang patinig at apat na katinig, na isinisipol sa iba’t ibang tono. Kamakailan, gumamit ang mga mananaliksik ng *magnetic resonance imaging* upang paghambingin ang gawain ng utak ng limang indibiduwal na nagsasalita ng Kastila at ng limang pastol na gumagamit ng wikang Kastila at Silbo. Natuklasan ng mga mananaliksik na kapag nakikipagtalastasan ang mga pastol sa pamamagitan ng pagsipol, “ang kanilang utak ay naglalabas ng mga sig-

nal na katulad din ng mga signal kapag nagsasalita sila,” ang sabi ng pahayagang *El País* ng Espanya. Sinipi ng report ang isang mananaliksik na nagsabi: “Ang mga resulta ng pagsusuri na ito ay nagbibigay ng higit na katibayan hinggil sa kakayahan ng tao na matuto ng iba’t ibang anyo ng wika.”

Ang Lumalaking Gastos sa Pagsasalang-Wika

Noong Mayo 2004, nadagdagan ng sampung bagong miyembro ng bansa ang European Union, anupat 25 na ang kabuuang bilang nito ngayon. Gayunman, ang karagdagang ito ay nagdulot ng mga problema sa wika, anupat lumaki ang gastusin. Itinuturing na opisyal na mga wika ang 20 wika na ginagamit sa 25 bansa. Kaya kailangang isalin sa lahat ng wikang ito ang mga dokumento. “Bago nadagdag ang mga bansang ito,” ang ulat ng magasing pambalita na *Valeurs Actuelles* sa Pransiya, “nakapagsalin ang European Commission ng 1,416,817 pahina [ng teksto]

noong 2003.” Gayunman, mabilis na darami ngayon ang mga pahinang isasalin. Dahil sa nadagdag na siyam na bagong wika, ang posibleng mga kombinasyon ng salin (halimbawa, mula sa Maltese tungo sa Pinlandes, o Estoniano tungo sa Griego) ay dumami mula 110 tungo sa 380. Lalong humihirap ang paghahanap ng kuwalipikadong mga tagapagsalin at interprete. Ang badyet para sa pagsasalin—550 milyong *euro* sa kasalukuyan—ay inaasahang mabilis na tataas at “maaaring umabot nang 808 milyong *euro*,” ang sabi ni Robert Rowe ng departamento sa pagsasalin ng European Commission.

Maruming Hangin sa Simbahan

Ang mga partikula ng usok na nagmumula sa nakasinding mga kandila at sinusunog na insenso ay maaaring nagsasapanganib sa kalusugan ng mga pari at ng mga miyembro ng parokya na nananatili nang matagal sa mga simbahang hindi maganda ang bentilasyon, ang ulat ng

The Sydney Morning Herald. Natuklasan sa isang pag-aaral na ang dami ng partikulang nasa usok sa dalawang simbahan ay “hanggang 20 beses na mas mataas sa itinuturing na ligtas na antas na maaaring langhapin batay sa pamantayang itinakda ng Europa hinggil sa polusyon sa hangin,” ang sabi ng pahayagan. Binanggit ng report na ang antas ng polusyon dito ay katulad niyaong sa “hangin sa tabi ng kalsada na dinaraan ng 45,000 sakayan araw-araw.” Ang laging pagkahantad sa polusyong ito sa hangin sa loob ng simbahan ay maaaring magpalaki sa panganib na magkaroon ang isa ng kanser sa бага o iba pang sakit sa palahingahan, ang babala ng isa sa mga awtor ng pag-aaral.

Monumento Para sa mga Hayop na Ginamit sa Digmaan

“Isang pambansang monumento para sa mga hayop na naglingkod, nagdusa at namatay na kasama ng mga hukbong Britano at ng mga bansang Alyado sa mga digmaan at labanan sa nakalipas na mga siglo” ang iniha-

rap sa madla sa sentro ng London, ang ulat ng *The Times*. Ang monumento ay binubuo ng tansong estatuwa ng kabayo, aso, at dalawang mulang may kargada, na napalilibutan ng batong pader na inukitan ng mga larawan ng iba pang mga hayop na ginamit sa iba’t ibang digmaan. Halimbawa, noong Digmaang Pandaigdig I, tinatayang walong milyong kabayo ang namatay, bukod pa sa di-mabilang na mga mula at buriko. Iniulat din ng diyaryong *Guardian* na ginamit ng mga sundalo noong Digmaang Pandaigdig I ang mga *glowworm* sa pagbasa ng mga mapa sa gabi. Isang kahanga-hangang hayop, na pinanganlang Rob ang “*para-dog*,” ang mahigit 20 beses na isinakay sa parasyut at ibinagsak sa Hilagang Aprika at Italya. Bukod diyan, noong Digmaang Pandaigdig II, isang kalapating pinanganlang Cher Ami ang “hindi kailanman nabigo sa paghahatid ng di-kukulangin sa 12 mensahe,” ang sabi ng *The Times*. Gayunman, ayon sa isang reperensiya, tinatayang 20,000 kalapati ang namatay sa digmaang iyon.


Kakaibang Espongha

Natuklasan kamakailan ng mga mananaliksik sa University of Stuttgart, Alemanya, ang maputi at pabilog na espongha na may ilang kakaibang kakayahan, ang ulat ng diyaryong *Die Welt* sa Alemanya. Bagaman napakaliit nito, nakauusad nang ilang sentimetro ang espongha bawat araw, anupat ito ang pinakamabilis umusad na espongha na natuklasan hanggang sa kasalukuyan. Kapag lumiliit ang mga selula ng organismoning ito, naglalabas ng tubig ang kaniyang katawan, anupat lumiliit ito nang 70 porsiyento. Kapag humihinga—sa pamamagitan ng pagsipsip ng tubig—nasisipsip nito ang mga nutriyente at oksiheno sa tubig. Natuklasan ng mga mananaliksik na mas malakas ang pagbuga ng espongha kapag nilagyan ng maliliit na krustasyo ang akwaryum nito. “Napakapambihira nito,” ang sabi ng mananaliksik na si Michael Nickel, yamang ang espongha ay “wala namang sistema ng nerbiyo.” Paano nakokontrol ng espongha ang galaw nito o paano nito nalalaman na may iba pang nilalang sa paligid gayong wala naman itong sistema ng nerbiyo? Pinag-aaralang mabuti ng mga mananaliksik ang espongha, anupat umaasang matutuklasan nila kung paano nagagawa ng espongha ang mga bagay na ito.



Mula sa Aming mga Mambabasa

Kaigtingan Talagang napapanahon para sa akin ang serheng “Kaginhawahan Mula sa Kaigtingan!” (Pebrero 8, 2005) Dumating ang artikulo noon mismong inaakala kong malapit na akong masiraan ng bait, dahil lamang sa hindi ko nakakayanang harapin nang wasto ang kaigtingan. Napakalaki ng nabago sa buhay ko dahil sa ibinigay nin-yong mga mungkahi.



Hindi ibinigay ang pangalan, Estados Unidos

Kamakailan, nasuri ng doktor na may depresyon ako. Kaya napatibay ako ng pangungusap na, “Tama lamang na asikasuhin mo ang iyong sariling mga pangangailangan.” Pinahahalagahan ko ang binanggit dito na ‘pag-iipon ng lakas na magagamit mo sa panahon ng pangangailangan.’

Naisid ang aking emosyonal na lakas, subalit sisikapin kong alaming ang aking mga limitasyon mula ngayon.

Y. O., Hapon

Kauwi ko lang mula sa isang seminar kung saan nagbigay ako ng maikling presentasyon kung paano mapagtagumpayan ang kaigtingan. Natalakay ko ang hinggil sa mga sanhi at epekto ng kaigtingan, gayundin kung ano ang makatutulong—pawang batay sa kahanga-hangang magasin na ito!

J. L., Alemanya

Cellphone Salamat sa artikulong “Ang Cellphone—Kaibigan o Kaaway?” (Pebrero 8, 2005) Ako po ay 14 na taóng gulang, at masyado na akong nakadepende sa aking cellphone. Tinulungan ako ng artikulo na maunawaang hindi telepono ang dapat maging pinakamahalagang bagay sa aking buhay, lalo na kung isasaalang-alang ang posibleng mga epekto nito sa kalusugan. Salamat po sa inyong kawili-wiling mga artikulo.

M. B., Romania

Harp Seal Gusto kong ipahayag ang aking taos-pusong pagpapahalaga sa nakatutuwa at nakapagtuturong mga artikulo sa *Gumising!* Pagkabasa ko sa artikulong “Mga Sanggol sa Niyebe ng mga Pulo ng Magdalen,” talagang nagustuhan ko ang nakatutuwang mga hayop na ito. (Enero 8, 2005) Natulungan ako ng mga larawan na maunawaan ang kawili-wiling mga yugto ng kanilang paglaki. Hindi lamang ako nadyukan ng artikulong ito na pasalamat si Jehova, na siyang lumalang sa mga hayop na ito, kundi pinasidhi rin

nito ang pagnanais kong mabuhay sa Paraiso. Mayroon akong ilang nakapagpapagiting na problema, at hindi ko maapuhap ang tamang mga salita upang ipaalam sa inyo kung gaano ako napatibay ng naka-aaliw na artikulong ito. Pakisuyong ipagpatuloy ninyo ang paglalathala ng mga artikulong gaya nito.

N. S., Hapon

Kabayong-Dagat Nakatanggap ako ng magasin ninyo mula sa mga Saksi ni Jehova, at gusto kong magpasalamat sa artikulong “Sumasayaw na mga Kabayo ng Karagatan.” (Disyembre 22, 2004) Kamakailan, nakakuha ako ng mataas na marka sa aking takdang-aralin sa paaralan hinggil sa mga kabayong-dagat (*sea horse*) nang gamitin ko ang impormasyon sa inyong artikulo. Dahil sa magasing *Gumising!*, mas marami akong natututuhan hinggil sa siyensiya at teknolohiya—at lalo na tungkol sa Diyos. Salamat, mga Saksi ni Jehova, sa inyong ekselenteng mga magasin!

T. P., Indonesia


Nasusulat . . . Tuwang-tuwa po ako sa pagbabasa sa artikulong “Nasusulat na Makikita Ko Siya”! (Disyembre 22, 2004) Ako po ay 11 taóng gulang, at wala pa rin akong lakas ng loob hanggang ngayon na sabihin sa iba ang tungkol sa Kaharian ng Diyos. Subalit matapos kong basahin ang talambuhay ni Rosalía Phillips, naunawaan kong tutulungan ako ni Jehova. Gusto ko pong maging matapang na mamamahayag ng mabuting balita gaya ni Rosalía.

P. P., Poland

Ako ay 27 taóng gulang, at natulog na sa kamatayan ang aking ina 24 na taon na ang nakararaan. Mula nang ako’y maging Saksi ni Jehova, nanghahawakan na akong mahigpit sa pag-asang makita siyang muli. Nagpapasalamat ako sa mga artikulong gaya nito—nagpapasalamat ako kay Jehova, sa *Gumising!*, at kay Rosalía dahil sa pagbabahagi sa amin ng kaniyang magandang karanasan.

A. F., Venezuela

Mas Maraming Mapagpipilian, Mas Kaunting Kasiyahan?



ANG mga tao sa Estados Unidos ngayon ay “mas maraming mapagpipilian sa mas maraming pitak ng buhay kaysa sa anumang panahon noon,” ang sabi ng artikulo sa magasing *Scientific American*. Totoo ito pagdating sa mapagpipiliang mga produkto, serbisyo, trabaho, at maging sa personal na mga ugnayan. Waring makatuwirang isipin na mas masisiyahan ka sa buhay kung mas malaya kang makapipili. Gayunman, nakapagtataka na kadalasan itong humahantong sa kalungkutan. Paano?

Binabanggit ng artikulo na nakaaapekto sa kaligayahan ng isang tao ang kaniyang saloobin hinggil sa mga mapagpipilian. Halimbawa, gumugugol ang ilang tao ng maraming oras at pagsisikap upang mapili ang pinakamahusay na produkto sa pamamagitan ng maingat na pagbabasa ng mga etiketa at pagsusuri sa bagong mga produkto, at pagkatapos ay inihahambing ang nabili nila sa nabili ng iba. Ang

iba namang mamimili ay kontento nang makabili ng “mabuti-buting” produkto, kahit na may iba pang mas magandang mapagpipilian. Tumitigil sa paghahanap ang gayong mga tao kapag nasumpungan na nila ang produktong nakasasapat sa kanilang pangangailangan.

Maliwanag, para sa mga taong gusto lagi ang pinakamainam, lalong humihirap ang paggawa ng desisyon habang dumarami ang mapagpipilian. Pagkatapos, kapag nakapili na sila, ang sabi ng *Scientific American*, “nanghihinayang naman sila sa ibang mapagpipilian na hindi nila nabigyan ng panahon na suriin.” Sa bandang huli, ang gayong mga tao ay “hindi gaanong kontento sa buhay, hindi gaanong maligaya, at hindi gaanong optimistiko at mas nakadarama ng panlulumo.” Ano ang mahihinuha natin dito? “Makatuwirang isipin na sa paanuman,” ang sabi ng artikulo, “ang napakaraming mapagpipilian ay nagiging isa sa mga sanhi ng epidemya ng kalungkutan na lumalaganap sa makabagong lipunan.”

Gayunman, sinabi ng mga awtor ng pag-aaral na maaaring bawasan ang kaigtingang nauugnay sa pagpili. Paano?

- Maaaring ipasiya natin na limitahan ang ating mapagpipilian kapag hindi naman gaanong mahalaga ang gagawin nating desisyon. Halimbawa, ugaling pumunta sa iilang tindahan lamang kapag namimili ng damit.

- Piliin ang bagay na makasasapat sa pangunahin mong pangangailangan sa halip na hanapin ang ‘pinakamahusay’ na mahirap namang magsumpungan. Pagkatapos ay tigilan na ang pag-iisip hinggil dito.

- Huwag nang masyadong isipin ang waring kaakit-akit na mga katangian ng bagay na hindi mo napili. Sanayin ang iyong sarili na magtuon ng pansin sa magandang katangian ng pinili mo.

- Matagal nang kasabihan ang “Huwag kang masyadong umasa para hindi ka mabigo.” Pero praktikal ang payong ito kung nais mong masiyahan sa buhay.

Halaw sa *Scientific American*





NAGBAGO NG OPINYON ANG KANIYANG MGA KAKLASE

■ Si Victoria (makikita sa itaas), isang 11-taóng-gulang na batang babae sa Ukraine, ay hinilingang maghanda ng report hinggil sa kaniyang paboritong aklat sa paraang makapupukaw ng interes ng buong klase na basahin ang aklat. Ganito ang sabi niya: “Ipinasiya kong iharap sa aking mga kamag-aral ang aklat na *Ang mga Tanong ng mga Kabataan—Mga Sagot na Lumulutas*. Sa aking presentasyon, ipinaliwanag ko ang nilalaman ng aklat at ang mga simulaing pinagbatayan nito. Sa katapusan ng aking presentasyon, binanggit ko na maaari silang makakuha ng aklat na ito pagkatapos ng klase.”

Paano tumugon ang kaniyang mga kaklase? “Naka-pagpasakamay ako ng 20 aklat nang araw na iyon,” ang sabi ni Victoria. “Inaakala ng mga kaklase ko noon na isang sekta ang mga Saksi ni Jehova, pero nagbago


na ang kanilang opinyon, at dalawa sa kanila ngayon ang regular nang nagbabasa ng ating mga magasin!”

Lubusang inaarok ng aklat na *Ang mga Tanong ng mga Kabataan* ang isip at damdamin ng mga kabataan, anupat pinasisigla ang kapaki-pakinabang na mga talakayan. Sinasagot nito ang tanong ng mga kabataan na gaya ng: “Papaano Ko Magagawang Mabigyan Ako ng Higit na Kalayaan ng Aking mga Magulang?,” “Papaano Ako Magkakaroon ng Tunay na mga Kaibigan?,” at “Tama Kaya ang Pakikipagtalik Muna Bago ang Kasal?” Sa 39 na kabanata nito, tinatalakay rin ng aklat ang marami pang ibang paksa.

Kung gusto mo ng isang kopya, punan ang kalakip na kupon at ihulog ito sa koreo sa adres na ipinakikita sa kupon o sa angkop na adres na nakatala sa pahina 5 ng magasing ito.

Interesado akong tumanggap ng isang kopya ng aklat na *Ang mga Tanong ng mga Kabataan—Mga Sagot na Lumulutas*. Ilagay kung anong wika.

Pakisuyong makipag-ugnayan sa akin tungkol sa isang walang-bayad na pantahanang pag-aaral sa Bibliya.



Pangalan

Adres

Lunsod Lalawigan ZIP Code

Watch Tower, P.O. Box 2044, 1060 Manila
www.watchtower.org

g05-TG 11/22